


RELIHIYONG JEZEBEL

 Manatili po tayong nakatayo pansumandali, habang tayo'y naghahandog sa Diyos ng pasasalamat para rito. Iyuko po natin ang ating mga ulo.

Mahabagin at Banal na Ama, Diyos, kami po'y nagagalak na Ikaw nga ay—ay Diyos, at laging handang tumulong sa oras ng kagipitan. Pinasasalamatan Ka po namin para sa mga bagay na Iyong ginawa para sa amin. Di lang po namin kayang ihayag nang mainam, mula sa puso namin, kung gaano namin itong pinasasalamatan, at hayon mismo na dumating Ka para ilitas kami kapag kami'y naroon sa kagipitan. Natutunan po namin, sa lahat ng mga taon na ito na nagdaan, na magtiwala sa Iyo at manampalataya sa Iyo.

At dalangin ko, sa hapon na ito, Panginoon, na Iyo pong ibubuhos ang Iyong mga pagpapala sa mga taong narito. Nawa po'y wala ni isang tao ang nanghihina sa kalagitnaan namin sa oras na matapos na ang gawaing ito. Kung mayroon mang isa po rito na di matuwid sa Diyos, nawa'y ang Kapangyarihan na nagbangon noon kay Jesus mula sa libingan, ay pasiglahin ang kanilang mortal na mga katawan, Panginoon, at ang kanilang kaluluwa, at ipanumbalik po sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sila naman na wala pang Espiritu Santo, nawa'y ito na po yaong maging dakilang araw na di nila malilimutan, dahil ito na yaong araw na ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa kanila. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. Patawarin ang aming mga pagkakasala.

Idinadalangin din namin na Iyo pong pagpalain si Kapatid na Sullivan, ang magiliw at kalugud-lugod naming kaibigan, at ang kanyang pagmamalasakit sa mga tao, at ang hangarin niya na madala sila sa bawat pagkakataon na magagawa niya, para tulungan sila. Dalangin ko na Iyo pong pagpapalain si Kapatid na Sullivan.

Iyo pong pagpalain ang mga ministro sa buong bansa, saan mang dako. Maibigay nawa sa kanila ang higit na kasaganaan, Panginoon. Makatayo nawa sila nang may tapang sa pulpito at maipahayag ang Salita ng Diyos, dahil kami'y namumuhay na sa pagtatapos na mga oras ng kasaysayan ng mundong ito. Iyo lamang ipahintulot na ang Iyong kabutiha'y lumukob sa amin sa mga panahong kagaya nito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na po.

Ako nga'y nalulugod sa inyo na mga narito, sa Diyos, para sa bagay na ito. Inako mismo ito ni Kapatid na Sullivan. Kita n'yo, sobra-sobra na po siguro itong ginawang pag-aasikaso ni

Kapatid na Sullivan, kaya naman nakaantabay tayo rito para makapaghandá sa gawain na ito. Nagpapasalamat kami sa iyo mismong kabutihan.

² At, ngayon, tungkol dun sa—sa love offering, ito’y . . . di n’yo naman kailangang gawin ’yun. Hindi, di naman na kailangan sana. Kita n’yo, haya’t . . . binayaran na nila ang mga gastusin, ’yung sa hotel at ’yung sa pagkain, ’yung mga ginamit namin, at tunay na ’yun lang sana ang kailangan. Pero salamat po, nang lubos, at ang kaloob ay mapupunta para makatulong sa pagmimisyon at maiakay ang mga tao patungo sa Diyos. Di nga ’yun gagamitin na ipambibili ng kung anong sigarilyo, o kung anong wiski, o kung anong masama, iyon nga’y mapupunta para sa mabuting bagay. At dalangin ko na ang Diyos ay ililista ’yun dun sa bangko n’yo sa itaas, at payayabungin ’yun nang maka-sampung libong ulit, bawat dolyar, o—o bawat maka-sampung sentimo, o bawat maka-limang sentimo na ibinibigay n’yo para rito sa gawain na ito.

³ At, ngayon, nais kong pasalamatang ang United States Army para sa pagpapaunlak sa atin na magamit ang gusaling ito na makapagtipon dito, na maidaos ang mga gawaing ito. Tunay po na pinasasalamatang ko sila nang buong puso ko.

⁴ At gaya ng pagkakaintindi ko, binanggit po ni Kapatid na Sullivan na ang lahat daw ay mababayaran kaagad. Di pa kami nakaranas na umalis mula sa isang siyudad, na may utang pa ni isang sentimo, anupa’t ang lahat ay inaasikaso sa tuwina; ’yan po mismo ang tayo namin at wala nang iba. Nararapat na kung maaari’y wala kang pagkautang sa kanino man, kinakailangan na tapat ka’t humaharap ka talaga. At kung may pagkautang ka sa kung kanino man, kinakailangan mong harapin sila at sabihin sa kanila na may utang ka sa kanila, na siguro’y bigyan ka lamang nila ng kaunting panahon, at babayaran mo ’yun. Kita n’yo? Sa tuwina nga’y, ’yan ang nararapat na . . . Isa nga ’yang tanda ng pagiging isang Cristiano: ’yung pagiging tapat, hinaharap mo.

⁵ May pagnanais ka na ipamuhay mo kung ano ang sinasalita mo. Kung di mo ’yun ipinamumuhay sa sarili mo, papaano mo aasahan na ipamumuhay ’yun ng iba, kita n’yo. Haya’t kayo’y mga salita na nasusulat, na nababasa ng lahat ng mga tao, kaya nararapat lamang na kayo’y maging tapat lagi, makatarungan, totoo. Sabihin n’yo mismo ang totoo, kahit na kung minsan ay nakakasakit ito. Sabihin n’yo pa rin ang totoo, ano’t anumang, dahil anumang mangyari ay ’yun at ’yun pa rin ang sasabihin n’yo sa lahat ng oras. At kung magsisinungaling kasi kayo, na magpapaligoy-ligoy kayo dun nang libo-libong milya, siyanga’t babagsak at babagsak kayo sa kasinungalingang ’yun uli; at pinasama mo lang lalo ang pangyayari. Kaya maging tapat po lamang sa tuwina, at magagawa n’yo mismong ’yun at ’yun ang sasabihin n’yo dahil ’yun ang katotohanan.

6 Ganoon din 'yun sa Biblia. Sabihin mo lamang 'yun kung papaanong sinabi 'yun ng Biblia, huwag mong ikompromiso, sabihin mo 'yun sa paraan kung paano nga ba, kung. . . paano ito nasusulat rito at—at magagawa mong ituro lang ng iyong daliri. Ito'y—ito'y. . . sa ganoon mo magagapi si Satanas. Sinabi minsan ni Satanas kay Jesus, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, sige't panoorin nga natin na magpamalas Ka ng isang himala. Sinasabi nila na isa Ka raw 'tagapagpamalas ng himala.' Sige't gawin Mong tinapay ang mga batong ito, at sige nga't tingnan natin. Ikaw nga'y nagugutom.”

7 Ang sabi Niya, “Pero nasusulat, Ang tao'y di nabubuhay sa tinapay lamang.” Kita n'yo? Sinipi Niya mismo ang Salita ng Ama at ginapi ang diyablo, sa mismong mga pakana nito. Kaya magagawa n'yo rin ang ganoong bagay, na magagapi n'yo ang diyablo sa mga pakana nito, sa pamamagitan nitong Salita ng Panginoon.

8 Kaya, ganoon na lamang ang kaluguran ko kay Kapatid na Sullivan sa tuwina. Isa itong. . . Pasensya na po sa pahayag na ito: Iniisip ko nga na nung likhain nila si Kapatid na Sullivan ay Kanyang itinapon pagkatapos 'yung hulmaan. Wala po kasi siyang katulad. May isa lamang na nakilala ko sa buhay ko na naaalala ko si Kapatid na Sullivan sa taong 'yun, si E. Howard Cadle po, di ko lang alam kung kakilala niya siya o hindi, tagaroon po sa—sa. . . si Kapatid na Cadle nga'y isang mainam na kalugud-lugod na taga-probinsya gaya ni Kapatid na Sullivan. At kapag isinusuksok nga niya 'yung mga kamay niya sa loob ng mga bulsa niya'y talagang nababanat nang husto 'yung mga suspender niya pababa, at kapag nagsasalita siya'y mistulang nakasandal ang ulo, at siya nga'y isang E. Howard Cadle. At kaya naman ako'y—ako'y lubos na nagagalak na si Kapatid na Sullivan ay isang kaibigan ko't isang kapatid sa Ebanghelyo. At dalangin ko na pagpalain siya ng Diyos at ang maliit niyang iglesya sa dako rito, ang kanyang butihing maybahay, kanyang mga mahal sa buhay.

9 At maging sa inyo, na mga iba pang mga ministro na narito, sa inyo at sa inyo pong kongregasyon, mga Full Gospel na mga mangangaral, haya't sa maliliit na mga teknikal na bagay ng Kasulatan ay marahil di tayo sang-ayon sa isa't isa. Ako man ay may di pagsang-ayon sa aking asawa sa ilang mga bagay. At alam n'yo ba kung ano 'yun? Ang gusto niya'y apple pie at ang gusto ko nama'y cherry, kaya di kami nagkakasundo. At sige po't sasabihin ko sa inyo 'yung panig ko: ang gusto ko nga'y mainam na mainit-init na piraso ng cherry pie (at kaya ko pong kainin 'yun agad-agad) at bubuhusan ng mantikilya sa ibabaw nun, at pagkatapos ay bubuhusan ng pulot sa ibabaw nun; at, kapatid, hayan nga't may bagay ka na riyan na talagang sulit kainin! Iniiwasan nga 'yun ng maybahay ko. Sa palagay ko ay 'yung mga calorie talaga 'yung iniwasan niya. Marahil gusto niya

'yun, pero alam n'yo naman po ang mga kababaihan, todo iwas sila . . . Pumayat man sila na matutusukan mo nga sila ng aspili at aabot agad sa pinaka buto, pero sa kabila nun ay gusto pa rin nilang—gusto pa rin nilang magbawas ng pagkain. Yun nga ang kalikasan nila, sa palagay ko, kaya hayan . . . At, pero 'yun ang gusto ko. Ngayon, marahil di tayo nagkakasundo sa isang bagay na 'yun, sa ibang bagay nama'y nagkakasundo tayo. Pero, kita n'yo, di nga tayo ganap na nagkakasundo sa tuwina. Haya't isang bagay lang naman ang tinitingnan natin, mga kapatid, pero ang bagay na mahalaga, kumakain tayo ng pie, 'yun po ang bagay na mahalaga.

¹⁰ Unang-una sa lahat, sa bautismo ng Espiritu Santo, at sa pagparito ni Cristo, at doon po sa dakilang pang-ebanghelyong, simulaing turo't aral ng Biblia, tunay na nakatindig tayo nang bisig sa bisig sa bagay na 'yan. Bilang isa pong malaki't lakip-lakip na mga magkapatid, na walang pang-denominasyong sagabal, na walang anumang humahadlang sa atin, tayo nga'y nagmamartsa patungo roon sa Kalbaryo bilang isang malaking hukbo, na magkakalakip.

¹¹ Kung ako po'y may maipaglilingkod na tulong sa inyo, ako po'y nagagalak na gawin 'yan. At tiyak po ako na ganoon din ang sasabihin n'yo sa akin. At maaaring maging tulong kayo sa akin. At may isang bagay nga na magagawa n'yo, na nalalaman ko, haya't ang ipanalangin ako, na huwag akong pahintulutan ng Diyos na mapadpad sa mali. Ako—ako—ako . . . Di ko talaga maaatim sa puso ko na mapadpad ako sa mali, ang gusto ko—ang gusto ko ay mapunta sa tama, gusto ko pong gawin ang tama. Dahil napagtanto ko, gaya ng sinabi sa akin ni Kapatid na Jack Moore minsan, sabi niya, “Kapatid na Branham, di ko talaga nanaisin na tumayo riyang sa sapatos mo kalakip ang lahat ng mga pinagdaanan mo, dun sa Araw ng Paghatol, dahil malaki ang ipananagot sa iyo ng Diyos,” sabi, “dahil nagkaloob Siya sa iyo ng milyun-milyong mga tao sa iyong mga kamay.”

¹² Ngayon, kung ako nga'y may pagkabatid na tatayo ako roon at mananagot para sa mga taong 'yun, kung ganoon anong uri ng Ebanghelyo ang kinakailangan kong ipangaral? Anong uri ng sinseridad, haya't tangan-tangan ko ang kabayaran ng Kanyang Dugo sa aking mga kamay? At yamang nagkaloob Siya sa akin ng kaloob para . . . na lampas sa anumang anino ng pagdududa, haya't sinumang tao na malinaw ang pag-iisip ay tunay na nababatid na ito'y nanggaling sa Diyos. At kalakip po 'yun, kung aakayin ko ang sinuman sa maling daan dahil may isang partikular na grupo ang nagsabi ng ganito-ganoon, tunay na sisingilin 'yun sa akin ng Diyos sa Araw ng Paghatol.

¹³ Pero nung makita ko nga ang pangitain na 'yun, dito di pa katagalan, at narinig ko 'yung mga tao na napasigaw . . . Haya't natanggap n'yo na ba 'yung munting libro n'yo kagabi? Yun—'yun pong *Business Men's Voice*. Mainam po. At sa pangitain

pong 'yun. . . Sige po't balang araw ililimbag natin ang buong detalye nun; di po kasi buo 'yun. Pero doon po, at nung makita 'yun, at nakatayo nga ako noon kung paanong—kung paanong nakatayo ako rito ngayon. At pinagmamasdan ko ang sarili ko na nakahiga roon sa kama, katabi nung asawa ko, at sa kabila nun ay heto nga ako na nakatayo rito't pinagmamasdan ko ang sarili ko roon. At hayun nga roon ang mga tao na nakatayo sa palibot nang paganoon nung sabihin ko, "Hahatulan din ba si Pablo sa Ebanghelyo na kanyang ipinangaral?"

14 Sabi, "Oo."

15 Sabi ko, "Ipinangaral ko ang bawat Salita nang eksakto sa paraan na ginawa niya."

16 At milyun-milyon ang sumigaw, "Kami nga'y nakasandig Diyan!"

17 Ganoon nga ang nais ko sa pagtawid ko sa dako roon, kita n'yo. Gusto ko na naroon sa paraan na 'yun, kagaya nun, na sinabi lamang kung ano ang sinabi ni Pablo. Hindi ko nais na magdagdag ng anumang isang bagay Rito, o bumawas man ng isang bagay mula Rito. Kung ano lamang ang sinabi ng Biblia, sa ganung paraan ko gustong umusad 'yun, kita n'yo. At tunay, talagang pananatilihin mo 'yun, kahit ang mga denominasyon sa bawat gilid ay maglagay man ng pangharang laban Dito.

18 At mangyaring, maraming beses, iniisip ng mga kapatiran na laban daw ako sa aking mga kapatid. Iba nga ang iniisip ng Diyos sa bagay na 'yan, haya't kung ano lamang ang totoo ang nasa isip Niya. Kita n'yo? Di nga Ito laban sa kapatid, 'yung sistema ang nagbubunsod na tayo'y di maging magkakapatid. Hindi po ang Salita ng Diyos ang humahadlang upang maging magkakapatid sana tayo, 'yung sistema na kina-aaniban natin ang humahadlang para tayo'y maging magkakapatid. Siyanga. Kaya, saan dapat tayo tatayo? Tumayo tayo sa Salita, at ang Diyos ang bahalang magpalapit ng lahat ng mga tao patungo Rito (siyanga) sa—sa ganoon. Huwag n'yong iorganisa ito, ni gawing denominasyon ito, panatilihin lamang na nakabatay sa Diyos, at sumulong lang; na sa dulo nakatingin, manghawakan lang nang mainam, ang Diyos ang bahalang magdala ng iba pa.

19 Napakarami pong mga bagay ang nagawa n'yo para sa'kin, na talagang pinasalamatan ko. Ngayon kung mayroon akong maitutulong sa inyo, halimbawa'y makapagbigay ako sa inyo ng telang ipinanalangin o kung ano. Ngayon, kung maaari'y huwag n'yo akong tanungin tungkol sa doktrina, dahil di ko—di ko po ibig na gawin 'yan. Maraming mga tao ang sumusulat sa akin ng mga tanong tungkol sa pagkakasal at pagdidiborsyo at kung anu-ano pa, na masasabing buhol sa iglesia. Lagi ngang ang tugon ko sa kanila, haya't sinasabi ko, "Tanungin n'yo ang pastor n'yo."

²⁰ May ilan nga na sumusulat sa akin dito ng mga liham at ang sinasabi'y, "Papaano naman po 'yung *ganito*? At papaano naman po 'yung *ganoon*?" Ang tugon ko nga sa liham, haya't matatanggap n'yo 'yun. Tanungin n'yo ang pastor n'yo sa mga mumunting bagay na gaya nito dahil, kung tutuusin, siya ang inyong pastol. Siya—siya yaong—siya yaong ipinadala ng Diyos para magbantay sa inyo. At maaari kasing magkasalungat kami ng pananaw sa bagay na 'yun, at maaaring magdulot 'yun ng kalituhan sa inyong iglesya. Ayaw natin ng *ganoon*. Hindi nga! Hindi nga! Ang minimithi natin dito ay 'yung tumigil kayo sa paggawa ng mga bagay na makasalanan, mga bagay na labas sa Biblia, at sadyang sumulong lang patungo sa Diyos. Kita n'yo? At kung makapagdudulot ka ng kahit munti lang na mga di-pagkakaunawaan at mga bagay na katulad nun, ang iglesya po ang nagiging kawawa. Kaya, mas minamabuti kong ang pastor n'yo ang magsaysay sa inyo ng tugon tungkol sa pagkakasal at pagdidiborsyo, at maging 'yung mga bagay na *ganito* at 'yung mga bagay na *ganoon*, siya na po ang bahala roon. Siya po'y lingkod din ng Diyos, at siya'y nasasangkapan na gawin 'yun.

²¹ Naalala n'yo 'yung mabuting Samaritanong nakasumpong dun sa lalaking sugatan? Dinala niya ang lalaki dun sa bahay-panuluyan (ang iglesya po 'yun) at inabutan 'yung bantay dun ng dalawang denaryo, at ibinilin sa bantay na kung kailangan niya ng dagdag pa ay magbabayad siya sa kanya sa pagbalik niya. Kaya, may dalawang denaryo ang bantay, na magagawa niyang alagaan kayo ng tulad sa isang doktor kung siya nga'y isang tao ng Diyos. Kung siya nga'y isang tao ng Diyos na nakatindig sa Salita ng Diyos, siya—siya nga'y nakatanggap ng bagay na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos: ang Espiritu at ang Salita. Tama po ba? Papaano nga tayo dapat sumamba rito? Sa Espiritu at sa Katotohanan. At ang Salita ay ang Katotohanan. Tama po ba?

²² Ngayon, maraming salamat nang may kaluguran, muli. At ngayon, ako po'y pagod na pagod, at talagang napagod ako nito pong hapon, ayoko na talagang tumuloy pa sa kung saang hotel sa buong buhay ko. Grabe 'yung naging kasiyahan nila dun ng paglalasing, at buong gabi talaga, talagang kinakalampag ang mga pinto't nagsisigawan sila, at 'yung mga kababaihan. . . Oh! Nakaupo lang ako, buong gabi. Ganun nga. At kaya ayaw ko—ayaw ko nang mag-hotel pa. Mas pupunta na lang ako sa isang motel. Mas pipiliin kong kumuha na lang ng truck para dun ako matulog sa loob nun, dun sa kaparangan sa kung saanman. Mas gugustuhin kong dun na lang, kukuha ako ng tolda't latag na matutulugan, o saanman kung saan puwede kong dalhin ang sarili ko, saanman. Siyanga.

²³ Talaga pong makasalanan na, ang bansang ito, di na talaga maikakatwa! Talagang napakarupok, at bulok na bulok talaga hanggang sa pinaka kaibuturan. Maging dito nga sa dako rito, sa inyong estado. . . At di lang sa estadong ito, sa lahat pa na

mga dako. Dito nga, mga ilang taon pa lang ang nakalipas, ako po'y nasa—nasa isang relihiyosong gawain dito sa estado, sa isang malaking siyudad. At nung gabing 'yun ay may isa pong relihiyosong grupo, isang orthodox na iglesya na naroon 'yung mga kabataan, nagdaraos sila ng malakihang gawain. Di pa ako—di pa ako. . . Ako nga'y nakapunta na ng Aprika't akin na ngang nakita roon 'yung mga voodoo-voodoo't lahat na, na di ko pa naririnig noon kahit kailan. At nung sumunod po na umaga, (di ko nga puwedeng sabihin sa inyo nang diretsahan, halo-halo kasi ang mga tao rito ngayon). . . haya't naroon nagkalat sa sahig, grabeng imoral na mga bagay ang ginawa nila roon, nagkalat ang mga bote ng wisiki sa buong paligid. At 'yung mga kabataan dun, kapwa lalaki't babae sa iisang silid buong gabi, magkakasama. At nung kinaumagahan, 'yung "santo padre" nga'y nakaupo roon, at hayun ang mga kabataan na lumalapit sa kanya't yumuyuko sa kanya nang *paganoon*. Ginagamit ang Pangalan ni Jesus Cristo!

²⁴ Ako po ba ang nababaliw? Ano—ano ngang nangyayari sa akin? Di ko po talaga matagalan ang mga bagay na tulad nun! Haya't. . . may kung anong bagay na talagang lumiliglig sa akin na parang magpipira-pirasong ako kapag nakakakita ako ng gaya nun. Ibig sabihin ba'y kinakatawan nun ang aking Panginoong Jesus? Inuman, na imoral na kasiyahan na naroon na lahat ang kung anu-anong imoral na mga bagay na. . . pinagamit dun sa mga kabataang lalaki't mga kabataang babae, nagkalat dun sa buong sahig at sa mga tapunan ng kalat, at 'yung mga bote at. . . Oh, naku, grabe! Matatawag n'yo bang pagiging Cristiano 'yun? Hindi na nga nakapagtatawang ang sanlibutan ay nasa kalagayan na mismo na lipos na talaga ng kasalanan. Buweno, ano kayang masasabi ng makasalanan kapag titingin siya sa ganoon? Libo-libo pa man din sila.

²⁵ Yung mga kabataang babae nga'y lasing na lasing na di na nga sila halos makatayo, at naroon pa sila sa silid buong gabi kasama 'yung mga kabataang lalaki, at masusumpungan n'yo talaga dun ang pinaka mahalay na biruan na maririnig n'yo sa buong buhay n'yo. Talagang tinakpan ko 'yung buong ulo ko ng mga unan nang *paganito*, para lang sana makatulog. Haya't dun sa palapag, naglalasingan, at patakbo-takbo sila dun nang paroo't parito sa sahig nang paganoon, mga relihiyoso po ito!

²⁶ Ngayon, maiintindihan ko 'yung mga makasalananang tao na mistula bang, ngayon, na haya't sasabihin nila na anupa't laro-laro lamang naman 'yun, dito sa mga palaruan ng bowling. Kung may isa sa mga anak ko ang kahit papunta pa lang sa isang palaruan ng bowling, susugurin ko talaga siya saanman sa bansa. Uh-huh. Tawagin n'yo man 'yung laro-laro, di po 'yun laro. Yun nga'y. . . Kung gusto n'yong nasa tama kayo, lumagay kayo sa tama sa Diyos. Siyanga.

27 Nais ko pong magbasa para sa inyo, nang ilang mga salita mula sa Biblia. Mahahanap n'yo ang ilang mga salitang ito na nais kong basahin dito bilang teksto, mahahanap ito sa ika-17 kabanata ng Unang Mga Hari, unang talata.

...Buhay ang PANGINOONG Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya, hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, ... ayon sa aking salita.

Unang Mga Hari, unang kab-...ika-17 kabanata, unang talata.

28 Kung gusto n'yo pong magpadala ako sa inyo ng telang ipinanalangin, anumang oras, sulatan n'yo lang ako; ang taga-asikaso ng mga liham ko'y narito, narito po ngayon, si Kapatid na Maguire. Ilan sa mga narito ang nakatanggap na ng telang ipinanalangin mula sa amin? Patingin ng kamay n'yo. Tumayo ka, Kapatid na Jim. Gusto kong makita ka ng... ikaw, at ang maybahay mo rin. Heto po ang taga-asikaso ng mga liham ko at ang maybahay niya, na mga nag-aasikaso, nagpapadala... Ito po ang lalaki't babae na nagpapadala sa inyo nung mga telang ipinanalangin mula sa pagtitipon, kapwa po sila banal na mga Cristiano. At 'yung boses po, 'yung malugod na munting tinig na naririnig n'yo sa telepono kapag tinatawagan n'yo ako, 'yun po ang munting binibini na nakaupo rito, ang maybahay niya. Ang tatay at nanay niya, at sila, ay pawang mga narito ngayon kasama natin; at—at ang mga mahal nila sa buhay, narito po sa palibot. Kaya naman... At hayan ding kilala n'yo na ang taga-asikaso naman ng mga alituntunin ko sa labas, si G. Mercier, Kapatid na Leo Mercier, siya po'y narito sa kung saan, at si Kapatid na Gene Goad. At kaya naman kung gusto n'yo pong magpadala kami sa inyo ng telang ipinanalangin, anuman pong oras, anuman na maipaglilingkod namin, maipanalangin kayo sa telepono; anuman po na maipaglilingkod namin, gagawin po namin.

29 Heto nga ang isang kakatwang-itsura na lalaki na may tungkod sa kanyang kamay, na ang mga hakbang niya'y tuwid, na ang mga mata niya'y nagniningning sa Kaluwalhatian ng Diyos, na 'yung balbas niya'y hinahangin sa tagiliran niya, may luma't mabalahibong piraso ng balat ng tupa na nakabalot sa kanya, 'yung paghakang nga niya ay ganoon na lamang ang yabag habang papalakad siya sa daan patungong Samaria. Di nga kaaya-aya kung titingnan siya, pero taglay niya mismo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa dakilang bansa ng Israel. Oo, si Elias na Thisbita, isang propeta ng Panginoon. Di nga kaaya-aya kung titingnan siya, pero taglay niya mismo ang Salita ng Panginoon.

30 Wala nga siyang takot na tumayo sa harap ng hari, dahil siya nga'y napasa harapan na ng Presensya ng mas dakila pa sa hari, siya'y napadako na sa Presensya ni Jehovah. Kaya naman,

alam na alam niya kung saan siya nakatayo. At nung lumakad na siya sa harapan nung hari ay di siya nautal o nabulol man, alam na alam niya ang sinasabi niya. Haya't nasasabi niya mismo sa hari, "GANITO ANG SABI NG DIYOS NG ISRAEL, 'Hindi magkakaroon ng ulan o hamog man hanggang sa akin itong salitain.'" Bakit niya sinabi 'yun, "Hanggang sa akin itong salitain. *Akin* mismong salitain"? Dahil taglay nga niya ang Salita ng Panginoon, siya ang propeta, at ang propeta'y taglay niya ang Salita ng Panginoon.

³¹ Kapansin-pansin na makita ang pagkakapareho ng Israel ng Lumang Tipan at ng Amerika sa panahon ngayon. Kapwa sila mga dakilang bansa. Kapwa sila naitatag, na haya't ang mga tao nila'y napadako sa lupain, dahil sa pag-uusig ukol sa relihiyon.

³² Ang Israel nga'y inusig ni Faraon nang matagal na panahon at inalipin sa loob ng daan-daang taon, na sila nga'y inalisan ng karapatan na makapagsamba sa tunay at buhay na Diyos, at inalisan ng karapatan sa pribilehiyong 'yun; at sila'y naging mga alipin. Pero ang Diyos nga'y nangako sa kanila sa Kanya mismong Biblia, o sa Kanyang Salita, at sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, na pagkakalooban Niya sila ng isang lupain. At sila nga'y nagtungo sa naturang lupain na 'yun at pinaalis ang mga umookupa sa lupaing 'yun, at inangkin mismo ang kanilang pamana, yamang ang Diyos ay may layunin na ipinangyari 'yun.

³³ At ganoon din ito sa dakilang bansa nating ito. Tayo nga'y napadako rito, at dun sa dako ng Plymouth Rock ay haya't ang bansa na ito'y naitatag sa batayan ng kalayaan sa relihiyon dahil ang ating mga ninuno ay tumakas palayo sa pag-uusig ng mga Romano ng modernong sistemang Jezebel, at dumako rito na haya't kumaharap muna sa napakaraming matitinding mga pag-uusig at pagka-martir sa ilalim ng huwad na sistemang Jezebel. At ayon sa Biblia, sa Apocalipsis, ika-13 kabanata, ang Diyos ay nangako sa kanila ng isang oasis, at isang dako, haya't ang babae'y dinala patungo sa isang ilang kung saan siya'y kinandili't pinakain ng isang panahon, panahon, at kalahati ng panahon. Ang Diyos ay nangako sa Amerika, o sa iglesya (sa babae), na mapupunta siya sa bansang ito.

³⁴ Napansin n'yo po ba roon sa Apocalipsis 13? Lahat nung ibang mga hayop na tinukoy roon ay mula sa dagat nagsiahon, sa mga tubig; Apocalipsis 17:17, ang sabi, "Ang mga tubig na iyong nakita ay ang karamihan at lubhang karamihan ng mga tao." Lahat ng iba pang mga hayop, sila'y nagsiahon mula sa tubig, sa karamihan at lubhang karamihan ng mga tao. Pero nung umahon na roon ang Estados Unidos, "Ito'y nagmula sa lupa kung saan walang mga tao." At alalahanin n'yo, nung ito'y umahon, ang itsura nga nito'y isang munting kordero.

35 Ngayon, ang korderong ito’y may dalawang sungay, at ’yun ang pampamayanan at panrelihiyong mga kapangyarihan. Pero nung ang mga ito’y nagkaisa, alalahanin n’yo, mangyaring ang kordero ay nagsalita na parang yaong dragon na nagsalita na nauna sa kanya; at ang dragon na ’yun ay ang Roma.

36 Noong tumayo ang dragon sa harapan nung babae para lamunin ang anak niya sa oras na ipapanganak ito, ang pulang dragon. . . Sino yaong tumayo sa harapan nung babaing Israel, para lamunin yaong Anak sa sandali na Ito’y maipanganak, at nagproklama nga ng isang pag-uusig at pinatay ang lahat ng mga bata mula edad dalawang taon pababa? “Ang Roma, ang dragon, na tumayo sa tabi ng babae para lamunin ang mismong anak ng babae sa oras na isilang niya ito.”

37 At heto nga, nakita natin, na ang bansang ito ay umusbong bilang isang bansang lumaya, at noon nga’y. . . may taglay na kordero, na ang ibig sabihin nga’y ang Cordero ng Diyos. Pero, pagkalipas ng ilang panahon, itong sistema natin na mayroon din tayo ngayon, nagsalita na kagaya nung dragon at ginagawa mismo yaong lahat ng kapangyarihan nung dragon na nauna sa kanya.

38 Ito nga’y tumutugma, na ang isa’y kaparehong-kapareho sa isa, nang lapat na lapat. At alalahanin nung itong mga. . . Ang Israel nga’y nakabalik at binawi ang kanyang lupang tahanan at Palestina, pinalayas ang lahat ng mga umookupa sa luaping ’yun at inari ang lupain. Tayo rin ay nagpunta rito at kinuha ito mula sa mga Indian, pinalayas sila at inari ang lupain. Ang Diyos nga’y may dahilan para riyang. Ipinapakita mismo ng Diyos sa buong mundo kung ano ang Kanyang magagawa sa pamamagitan ng—ng munting magkakalaki na mga tao na ang mithi nila’y kalayaan, at kalayaan sa relihiyon, para makapag lingkod sa Diyos.

39 Ano naman ang nangyari sa Israel? Ginawa Niyang ang Israel ang maging pinaka malakas na bansa sa buong mundo, at siya nga’y nanatiling ganoon hanggang sa lumihis siya mula sa kalooban ng Diyos. Ano ngang ginawa Niya sa Amerika? Ginawa Niya siyang pinaka malakas na bansa sa buong mundo hanggang sa siya ri’y lumihis sa kalooban ng Diyos. Tugmang-tugma, na ang isa’y kapareho nung isa, nang saktong-sakto.

40 Noong mga panahong napadako ang Israel doon sa lupain, sila’y isang—isang dakilang bayan dahil may mga dakila silang nangunguna sa kanila. May mga kalalakihan sila roon na may takot sa Diyos na nangunguna sa kanila, katulad nila David, Haring Solomon. Buong mundo’y kinatatakutan sila, at kanila ngang tinatamasa ang pribilehiyong ’yun na walang digmaan, walang kagipitan, at nabubuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, na umabot sa puntong ang mga tao sa buong mundo’y nagpupunta roon para makita sila. Pinagkalooban sila ng Diyos

ng kaloob ng espirituwal na pagkilala, na naroon kay Solomon. At yaong reyna ng katimugan, na mula pa sa . . . ang reyna ng Sheba nga'y naglakbay pa roon sa kalaparan ng Disyerto ng Sahara (inabot siya ng tatlong buwan) upang makapakinig lamang sa karunungan ni Solomon. At noong masaksihan niya na si Solomon ay may kakayahang kumilala ng mga espiritu, at ipinaalam mismo sa kanya ang mga lihim sa kanyang puso, ang sabi niya, "Lahat ng nabalitaan ko patungkol sa iyo ay tama, at higit pa roon." Siya nga'y nakumbinsi na ang Diyos 'yun.

⁴¹ At ang Amerika, sa batayan ng ating mga ninuno na mga nagsipunta rito para sa kalayaan sa relihiyon . . . Tayo'y may mga kalalakihan noon na maka-Diyos noong panahon na 'yun, bilang mga pinuno: sina George Washington, Abraham Lincoln, mga kalalakihan na katangi-tangi ang kanilang pagkatao, mga kalalakihan ng Diyos. Ang Amerika ay Amerika, noong mga panahong 'yun.

⁴² Si George Washington, dito sa may Valley Forge, bago niya tawirin noon ang Delaware, nanalangin siya nang buong gabi, hanggang sa maging basang-basa siya hanggang sa baywang niya, sa pagkakaluhod sa niyebe. At noong sumunod na umaga noong papatawid na ang mga Amerikano, nasa dalawampung porsiyento lamang sa kanila ang may suot-suot na sapatos, ang Hukbong Amerikano nga. Pero taglay nila ang prinsipyo, may taglay silang bagay na kanilang ipinaglalaman. Di nila alintana anuman ang dumating o mawala. (Yaong mga magsasaka nga'y nagsidating, huminto sa kanyang pag-aararo at isinantabi ang kanyang baka, at kinuha niya ang kanyang mahabang baril at nagpunta roon para makipaglaban para sa nalalaman niya na kalayaan.) At noong sumunod na araw, sa pagkakaalam ko, apat o limang butas ng bala (bala ng musketa) ang tumagos sa kanyang balabal at sumbrero at di man lang siya nasaling nun.

⁴³ Mga kalalakihan ng Diyos, na nagtatag ng bansang ito, mga dakilang kalalakihan! Hindi na nga nakapagtataka na naisulat nila:

Nawa'y magtagal na lupain nati'y tanglawan
Nitong banal na liwanag ng kalayaan;
Kami'y lingapin sa Iyong kapangyarihan,
Diyos na Dakila, Hari naming lahat!

⁴⁴ Di pa katagalan, may nakausap akong isang matandang lalaki noon sa Corydon, Indiana. Nabanggit niya sa akin 'yung tungkol sa panahon noon na 'yung kapitolyo'y nasa Corydon pa dati, at kung papaanong siya . . . ang sabi'y sumadya siya roon sakay sa isang karitelyang hila-hila ng baka para mapakinggan yaong—yaong gobernador sa pagtatalumpati nito. At siya lang daw at yaong gobernador ang nakasuot noon ng terno, na may amerikanang, suot. Ang sabi'y siya mismo ang nag-alaga nung mga tupa't umahit sa balahibo nila, at naghugas sa lana nila,

na ang kapatid naman niyang babae ang nagsinulid nung lana't nagtahi para sa kanya ng balabal na maiteterno sa pantalon niya. At 'yung matandang lalaki'y nakaupo roon, na ngayon ay nasa otsenta y singko o nobenta anyos na ang edad, napasapo sa balbas niya nang *paganoon*, at ang sabi niya, "Billy, 'yung panahon na 'yun ay panahon kung kailan ang 'Amerikee' ay 'Amerikee' pa."

⁴⁵ Tiningnan ko 'yung matandang lalaki, at sa isip-isip ko, "Ginoo, iyo pong. . . marami sa mga nakababata ngayon ang di makakapaniwala riyon, pero sinasabi mo nga ang totoo."

⁴⁶ Ano ngang nangyari sa Israel sa kabila ng lahat ng maka-Diyos naman nilang pinag-umpisahan? Sila'y nagpabaya. Unti-unti silang dumating sa punto na anupa't sila, buweno, wala na silang alintana sa kung ano ang nagaganap. Unti-unti silang nagpabaya sa kanilang pagsamba sa Diyos, gayong may taglay naman silang anyo ng relihiyon gaya ng kung anong mayroon tayo. May anyo nga sila ng pagka-Diyos. Pero nagsimula nga silang maging maluwag sa kanilang mga tao, at—at nagsimula na tuloy silang magdala ng iba't ibang hidwang paniniwala sa loob ng kanilang iglesya. Yaong pagsamba kay Baalim ay unti-unti ngang gumapang papasok, at ang Israel ay naging baliw sa kasiyahan, paglalasing, at mga bagay-bagay na gaya nun, at sa huli'y nagbunsod sila ng isang pinuno na di nakakakilala sa Diyos; si Ahab, na pumalit na hari pagkatapos ng ama niya. At ang tatay nga niya'y isang di maka-Diyos, siyanga't mayaman, pero isang lalaki na di maka-Diyos. At nagawa niya ang lahat ng mga pagkakasala, na higit sa lahat ng nagawa ng mga nauna sa kanya. Pero haya't ang Israel, dahil sa kanilang kalasingan na di nila namamalayan, sila'y nakapaglagay ng isang lalaki sa puwesto na katulad nun, at iniluklok siya sa trono para maging pinuno na mamumuno sa kanila. Iniisip nila na mainam 'yun. Gaya ng ginagawa ng marami sa mga Amerikano ngayon, "Siya nama'y mainam na politiko, kaya ano bang masama roon? Walang dipirensya 'yun, dahil mainam naman siyang politiko."

⁴⁷ Maraming mga Amerikano, napakarami nila masyado, ang naibenta na ang kanilang pagkapanganay, bilang Amerikano, at sinasabi pa, "Ano bang masama roon, basta't nakatatanggap ka ng ilang dagdag na dolyar mula sa gobyerno't nabubuhay?" Ibinenta nila ang kanilang sarili dahil sa kanilang tiyan, at sa kanilang pita at pananabik nang labis sa isang makasalanang sanlibutan, at kinalimutan ang mismong pinagsasaligang bagay kung bakit tayo dumaong sa Plymouth Rock. Kinalimutan nila ang ating pamana, at sige't naglimayon at ibinenta ang kanila mismong sarili sa kalipunan ng mga taong baliw sa kasiyahan. Kung papaano 'yun noon sa panahon ng Israel, ganoon din ang nangyayari ngayon, tinahak ng Amerika ang siya ring daan na 'yun, doon mismo sa siya ring daan na 'yun, ng kasiyahan!

48 Makalipas ang ilang panahon, gobyerno na mismo ang nag-endorso sa kasalanan: “Basta’t may sinagoga kayo, ano ngang magiging kaibhan?” Yun ang saktong ginawa ng Amerika. At haya’t nagsimula na tayong mag-organisa sa sari-sarili natin at bumuo ng maliliit na mga grupo’t, pasama, nang pasama, nang pasama. Maaari naman sanang nanatili na lamang sana tayo sa mismong tunay na mga prinsipyo na kinadaungan natin dito! Hayan tuloy na nagsimulang gumapang papasok ang kasalanan sa loob ng mga iglesya gaya ng kung anong nangyari noon. Unti-unti nang ginugupitan ng mga kababaihan ang kanilang buhok, nagsisipagsuot ng mga imoral na kasuotan, pinaiiksi nang pinaiiksi ang haba ng mga ’yun taon-taon at. . . At ang mga kalalakihan nama’y ginagawa ang *ganito*, *ganoon*, at *kung ano pa*, at nagsisipaglaro ng mga baraha’t naglalaro ng dais sa iglesya, at talagang makasanlibutan kung papaano sila noon, baliw sa kasiyahan, nagpapakalasing hanggang sa mawalan ng malay.

49 Hayan ang mga ministrong nagsisipagtapos ng pag-aaral mula sa mga seminaryo, at sinasabi ng obispo, “Mangaral kayo, mga kalalakihan, sige’t bahala kayo sa kung anong gusto n’yo. Kung ako ang tatanungin, ang dugo ni Jesus Cristo’y natuyo na nang labing-siyam na raang taon na ang nakararaan.” Anupa’t ang iglesya’y napadpad sa kawalan na naging organisasyon na lamang, na parang sangay-sangay na lang. Nawa nga’y huwag n’yong makalimutan ang hapon na ito! Naging basta sangay-sangay na lang, gumapang na papasok ang kamunduhan, ang mga ministro’y nagsimula nang makipagkompromiso katulad sa panahon noon ni Ahab. Makasalanan, nabubulok hanggang sa kaibuturan, at tuluy-tuloy ang pagbulusok nun nang sige sa pagbulusok.

50 Gayong tuluy-tuloy na nagpadala sa kanila noon ang Diyos ng isang propeta pagkatapos ng isang propeta, at nang may malumanay na mga kaawaan ay nagsumamo Siya sa mga tao, at kanila lamang tinalikuran Ito. Ang gusto nila’y ang sarili nilang pamamaraan, sila nga nama’y mga Israelita, sila nga’y malaya, sila’y isang dakilang bansa, *ganito-at-ganoon* ang mga nagawa ng kanilang mga ninuno (sina David at Solomon), kaya naman magagawa raw nila ang anuman na naisin nila. Ganoon na ganoon nga ang kinasasadlakan natin ngayon, ganoon na ganoon; hayan si Washington, ang mga ninuno natin, at ang bagay na pinanindigan nila. Pero, kapatid, tayo nga’y milyon-milyong milya ang layo mula sa mga bagay na ’yun; ang mga iglesya nga natin, milyon-milyong milya.

51 Ang dating. . . Ang iglesyang Methodist sa panahon ngayon, kumpara sa kung ano noon ang iglesyang Methodist! Kung ano ang Pentecostal ngayon, at sa kung ano ito dati! Kung ano ang Baptist ngayon, sa kung ano ito dati! Kung may oras tayo para balikan at pag-usapan si John Smith at ang marami sa mga

repormista nung unang panahon. Sinabi ni John Smith, bago siya mamatay, sabi, “Ang pinaka masaklap na bagay ay ang mga kababaihang Methodist ay nagsisimula nang magsuot ng mga gintong singsing sa kanilang mga daliri.” Methodist! Ano kayang masasabi niya sa panahon ngayon kapag nakita niya sila na ang mga buhok nila’y mga putol, at may mga kolorete na sa kanilang mukha, nagsisipagsuot ng mga shorts? Dahil nga ito sa kasalanan!

⁵² Anong ginawa ng Diyos sa Amerika? Tuluy-tuloy na nagpadala ng rebaybal pagkatapos ng isang rebaybal, rebaybal pagkatapos ng isang rebaybal. Hayan ang mga ministro na ipinapangaral ang Salita, sinisikap na tawagin ang mga tao pabalik sa Diyos. At ano ang ginawa nila? Ang siya ring bagay na ginawa noon ng Israel, tinanggihan nila Ito nang may lakip na pagkamuhi! Nilibak sila! Tinawag silang mga “holy-roller”! Itinapon sila sa bilangguan!

⁵³ Kung mayroon mang isa sa mga kapatid kong babae rito’t isa sa mga kapatid kong lalaki, mula sa iglesyang ito ngayon, ang halimbawa’y tumayo dun sa hotel kagabi’t itinaas nila ang kanilang mga kamay at pinapurihan ang Diyos at nagsisigaw doon sa silid, tiyak na nasa bilangguan sila sana ngayon dahil dun. Samantalang ang isang lasenggo’t, wala na sa tamang pag-iisip na grupo ng mga hangal na mga “unholy-roller” ay puwedeng tumayo roon at magsisisigaw buong gabi; at lasing na lasing, at magsasalita ng mahahalay at hahablutin sa damit ’yung mga kababaihan at sige sa ganoon, at susubasob sa sahig at sige’t magsisisigaw buong gabi, at hayan nga sila na di man lang iimik ni isang salita tungkol dun. Di na nakapagtata kang nasa tiyak na kahatulan na tayo sa ilalim ng kamay ng Diyos!

⁵⁴ Pansinin, tuluy-tuloy, na nagpapadala ang Diyos ng mga ministro’t, nagpapamalas ng mga tanda’t mga kababalaghan, pinatutunayan ang Kanyang Salita. At ang malala, napaka raming ministro na moderno ang kiling ang tinatanggihan Ito at ginagawang katatawanan ang bawat rebaybal. Ito ngang tinatawag nilang Iglesya ni Cristo’t sila, “Ang mga araw ng mga himala’y lumipas na.” Sinisikap sa abot ng makakaya nila na hadlangan ito na makaabot sa kakaunting nalalabing mga hinirang ng Diyos. Kung papaano ’yun noon sa panahon ng Israel, ganoon din ito sa panahon ngayon. Maraming beses, na kinailangan ng Diyos na alisin ang Kanyang bayan palayo sa mga organisasyon at mga denominasyon, inalis palayo’t dinala sila sa ilang para maibukod, para kausapin sila. At Siya’y magkakaroo’t magkakaroon talaga ng nalalabing mga hirang, huwag nga kayong mag-alala. Kung papaanong ginawa Niya ’yun noon, ay gagawin din Niya ngayon. Haya’t ang mga tao’y nagpatuloy nang nagpatuloy sa kasalanan, lumulublob mismo sa mga bagay na ito. Bakit? Dahil sa mga namumuno sa kanila, wala nang makapipigil dito.

55 Buweno, kung tutuusin, marami akong alam na mga bansa na kung mahuli nila ang mga tao sa kalsada na ganito manamit gaya sa ginagawa natin dito sa Amerika, ikukulong nila sila. Nung nagpunta ako noon sa Saint Angelo, sa Roma (ngayon, isipin n'yo nga ito, grabeng kahiya-hiya po), naglagay pa sila ng karatula dun, sa tabi ng lagusang-libingan ng Saint Angelo, "Sa mga kababaihang taga-Amerika: 'Maaari lamang na mag-suot ng damit at galangin ang mga patay.'"

56 Kung mayroon ngang bagay na talagang pasasamain nun ang loob mo, ay heto ngang makakita ng grupo ng sinasabi pa namang mga Amerikano na papasok doon. Nakaupo ako noon, sa may Lausanne, masaya kaming kumakain ng steak, isang araw, si Kapatid na Arganbright at ako. Nung sumunod na araw, bumalik kami dahil masarap ang pagkain. Kinailangan kong magdala ng sarili kong tubig dun, dahil alak lang kasi ang isinisilbi nila roon. At may dala-dala akong tubig, kinailangan kong magdala ng sarili kong tubig sa lalagyan at hawak-hawak ko sa kamay ko, lagi, dahil di sila nagsisilbi ng tubig sa mesa. Pagkatapos pumasok na ako roon, at maayos naman ang lahat hanggang sa may "Binibining Amerika" na pumasok dun na may bitbit-bitbit na maliit, na maruming, poodle na aso na mamasa-masa ang ilong; may ilang mga alahas na galing sa isang tindahan ng mga abubot na suot-suot nang *paganoon*, at may ipit na sigarilyo na nakaturo ang dulo nun nang *paganito*, naupo roon na para bang ipinapakitang alta-sosyedad siya na di naman talaga; at inilapag pa roon sa mesa ang poodle na aso, na marumi't, di kaaya-ayang bagay nga.

57 Ito'y . . . ang aso ang pinaka maruming bagay na binanggit ng Diyos. Maging ikapu na kukuning bahagi mula sa mga aso'y di maaaring ibayad sa bahay ng Diyos. "Ito'y parang patotot, ikapu ng isang patotot," sinasabi ng Biblia. At, sa kabila nun, ay hayan nga kayo. Sumasailalim ang mga kababaihan sa pagpipigil na makapanganak at nagbabayad ng libong dolyar, halos, para sa isang munting yagit na aso; at igagala 'yun sa kung saan-saan at aarugain ang aso na parang nag-aaruga ng isang bata, para makapunta lamang ang babae sa kung saan-saan buong gabi, at sasailalim sa pagpipigil sa panganganak.

58 Ano pa bang naghihintay kundi kaguluhan! Maaaring di n'yo na maririnig ang tinig ko uli, pero gusto kong alalahanin n'yo ito: Narito na tayong sa dulo!

59 Haya't, nakita natin ang nangyari, kung anong ginawa. Sa dulo nga'y, ang *kalunus-lunos* na oras ay dumating: si Ahab ay hinalal, at nung mahalal siya, pinakasalan niya si Jezebel; ang nabubulok sa kasamaang babaing 'yun na ipinadpad ang buong Israel patungo sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. At nung mga sandali na ginawa ito ng Israel, aba, ito . . . Sila nga'y wala nang iba pa't nasa kalagayan mismo ng pagtalikod, na anupa't hinayaan nila ang isang bagay na katulad nun na mangyari sa

kanilang bansa. Ang mga batas ay ginawa mismo ng mga tao para sa mga tao, at 'yun na 'yun ang ginagawa natin!

⁶⁰ May panahon noon na ang Amerika'y di papayag na . . . sila nga'y may sapat na kaalaman na di nila pababayaang na yaong matandang patotot, matandang patotot na lasing sa dugo ng mga martir, ay basta na lamang sila pagpapatayin, at 'yun ang dahila't tumakas sila papunta sa bansang ito, para sa kalayaan, na anupa't di nila talaga pababayaang noon na magkaganoon. Kaya ipinapakita lamang n'yan na nasa kalagayan na mismo tayo ng pagtalikod, ang buong bansa nga, dahil sa paghalal ng isang katulad nun. Oh, hayang nga't, kayo ngayon . . . ilan nga sa inyo na mga maiinam na mga loyalistang mga Democrat ay marahil iisipin 'yung ganito, na "Oh, buweno, siya'y—siya'y puwedeng-puwedeng maging isang mainam na politiko para mamuno." Maaari ngang napaka ganda nun kung ikakatwiran, sa karnal na kaisipan. Pero sa Salita ng Diyos at espirituwal na kaisipan, di nga 'yun uubra. Tunay ngang hindi, 'yang kaunting dolyar man at 'yung kung anong buwis o kung ano man 'yun na ibabawas dun.

⁶¹ At tayo'y sumusuong sa napakahirap na panahon, ang atin ngang mga misyonero sa labas ngayon, dahil ngayon tayo nga'y kinokonsidera nang Katolikong bansa. Aba't, tunay nga, ang Rusya'y kinokonsiderang komunista dahil may pinuno sila roon na isang komunista. Ang Pulang Tsina man ay kinokonsiderang komunista dahil may pinuno sila roon na isa ring komunista. Tayo rin ay kinokonsiderang Katoliko dahil may pinuno tayo na isang Katoliko.

⁶² Oh, noong naroon noon sa trono si Ahab . . . Sasabihin n'yo, "Siya *naman* ang naroon sa trono." Siyanga, pero si Jezebel ang ulo sa likod ng trono. Siya ang gumagawa ng pamumuno. Haya't tingnan n'yo kung papaanong ginamit niya roon ang mismong mga batas ng lupain at binaluktot ang mga 'yun, at para kilingan ang sarili niyang interes at kanyang kasakiman, at ibinunsod si Ahab na gawin 'yun dahil ang hari'y kasal sa kanya. At ganyan na ganyan ang pamamaraan ng pamunuan natin ngayon. Di ko sinasabing hindi siya mabait na ginoo, pero tingnan n'yo nga kung anong nasa likod niya: ang patotot, yaong mismong bagay kung bakit nagpakalayo tayo't pumunta rito (para maging bansang Amerika) nga; ang mismong mga prinsipyong pinagsasaligan kung saan itinayo ang Amerika. Tayo, sa pamamagitan ng sarili nating malayang pagpili, ay pumili ng isang bagay gaya nun.

⁶³ Ngayon nakikita n'yo kung bakit ang tinig ko'y patitigilin paglaon. Pero may makatatalos nga! Oo! Bakit? Apocalipsis 2:20, tinawag niya ang sarili niya na isang "propetisa." Masdan n'yo na lang ang daluyong ng kasalanan na nangyayari ngayon. Masdan n'yo 'yung kaibuturan na tumatagos na mismo roon sa kaibuturan. Masdan n'yo ang mga moderno ang kiling, masdan

n'yo ang mga di maka-Diyos na bagay na nangyayari sa loob ng mga kaiglesyahan. "At, sa huli'y, darating ang isang pag-uusig," 'yan mismo ang sinasabi ng Biblia, **GANITO ANG SABI NG PANGINOON!** Tunay, magkakaroon talaga.

⁶⁴ Pagkatapos anong mangyayari? Kung papaanong nangyari noon, ganoon din ngayon. Si Jezebel ang kapangyarihan sa likod nun, siya mismo ang kumukontrol nun. Basahin n'yo po ang . . . Sa pagkakaalala ko'y sa pitum- . . . sa bandang ika-17 o ika-18 kabanata, sa banda riyan, makikita n'yo riyan kung ano ang ginawa ni Jezebel: kung papaanong hawak-hawak niya si Ahab, at ang hari nga'y walang masabi na anuman tungkol dun dahil asawa niya ito. Tingnan n'yo kung sa ano nakatayo ang bansa nung panahon na 'yun, isang Israelitang tumalikod sa pananampalataya kasama ang kanyang paganong asawa (sa likuran niya) na sumasamba kay Baalim. At ano ang ginawa nung babae? Ginawa niyang ang lahat ay mapaging moderno ang kiling, at kaaya-aya, at maluwag sa mga tao, na anupa't ang buong iglesya'y nahulog doon, mga mangangaral at lahat sila. Hindi ba't sinabi ni Elias, "Panginoon, ako na lamang ang natitira"? At kung papaano 'yun noon, 'yun nga'y tumutugma sa panahon ngayon.

⁶⁵ Lahat sila'y takot na magsabi ng anuman. Hindi ba't 'yan na 'yan din ang nangyayari sa ngayon? Takot silang magsabi ng anuman. Kaya nakita natin, napaka luwag nila, walang ingat, nagpapakalasing, sige't kung anu-ano ang ginagawa, baliw sa kasiyahan, at lahat na, sadyang pareho sa nangyayari ngayon. Si Jezebel nga'y binaluktot ang mga Kasulatan . . . Ano ang kanya mismong . . . o yaong mga batas, kung—kung paano 'yun binaluktot lahat ni Jezebel. Alalahanin n'yo, si Jezebel, tinawag niya ang kanyang sarili na "propetisa," para ipasailalim ang mga tao, at sinabi niya na siya lang "ang tanging tinig ng Diyos sa lupa." Iubunsod nga niya na paniwalaan 'yan ng karnal na pag-iisip kung papaano ngang ganoon din ang sanlibutan.

⁶⁶ "Bubunsod ang isang pagsamba sa isang babae, sa Estados Unidos, at 'yun ay magiging kay Maria." Nakita ko na ito, tatlumpu . . . 1931. Pitong bagay ang naganap. Heto nga ito sa papel ko rito, dala ko, naisulat dito noong 1931. Ganoon nga na sinabi ko roon "Ang Presidenteng ito, si Franklin D. Roosevelt, kanyang ibubunsod na ang buong mundo, magiging daan siya para ipangyari 'yun, na ibunsod ang mundo sa digmaan." Di pa noon dumarating ang digmaan, nung panahon na lubog ang ekonomiya ng bansa. Sinabi ko na, "Isa pang bagay, . . ." At ang nanay ko, na isang loyalistang Democrat, haya't talagang tinitigan niya ako nang husto nung sinabi ko 'yun. Sabi ko, "Di ko alintana kung siya ma'y Republican o siya ma'y Sosyalista o anuman siya, ito'y **GANITO ANG SABI NG PANGINOON.**" At sabi ko, "Sa ginawa nilang ito, pinahintulutan nilang ang mga kababaihan na bumoto. At sa ginawa nilang 'yun, ginawa nga

nila ang pinaka malaking kahihiyang na nagawa ng bansang ito.” At sabi ko, “Darating ang panahon na pagbabayaran nila ito.” At ’yun nga ang ginawa nila nitong huling botohan. Yun mismo ang bumoto sa kanya’t nagluklok doon, kababaihan.

⁶⁷ At sa inyo na mga kalugud-lugod na mga kaibigang itim, sa Katimugan, ang pagboto n’yo! Sinasabi-sabi n’yo, “Wala kang karapatan na sabihin ’yan sa pulipto.” Oh, siyanga, karapatan ko, ito kasi’y ang Salita ng Diyos! At ’yung mantsa ng dugo ni—ni Abraham Lincoln, na siyang nagpalaya sa inyo, na naroon nakaladlad sa museong ’yun sa damit ng isang babae, at hayan na ipinagbibili n’yo ang inyong pagkapanganay. Mahiya kayo.

⁶⁸ At sa inyo, na mga nasa politika, dahil lamang ba na isa kang tapat na Democrat, na ibinoto mo ’yung isang katulad nun, at ipinagbili ang iyong mga karapatan sa pagkapanganay ng pagiging Amerikano at pagiging Cristiano, na ibinigay lang ang boto mo sa isang patotot na nagbunsod sa atin sa ganitong kalakaran sa bansang ito, na dapat sana’y kumakatawan sa kung ano ba dapat tayo. Nakikita n’yo ba kung papaanong ang patotot ay unti-unti nang pumapasok? Sadyang ganoon na lang kadali, na ngayon nga’y nasa luklukan na siya mismo. Ganoon nga! Sa luklukan ng White House.

⁶⁹ Masdan! Hayan nga. . . Nabalitaan n’yo ba nung isang araw ’yung tungkol dun sa mga Katolikong eskuwelahan at mga Protestanteng eskuwelahan? Sinusuportahan ’yung Katolikong eskuwelahan pero hindi ’yung Protestante. Nakita n’yo na? Oh, kapatid! Antabayan n’yo nga ang daluyong ng mga bagay na ’yan na parating ngayon. Pansinin, at sa ginawa nilang ’yun, tingnan n’yo kung anong nangyari. Lahat nitong pagkakasala ay tambak nang tambak. Napadpad na sa puntong ’yun at ang bansa’y nasadlak sa ganung uri ng nakababahalang kalagayan.

⁷⁰ Mga ilang taon ang nakararaan, noong kanila ngang. . . ang mga Pentecostal ay unang umusbong, iniligtas nun ang bansa mga ilang taon ang nakararaan noong si Al Smith ay tumakbo noon. Mas nasa tamang pag-iisip ang Amerika noon. Pero ang Pentecostal nga’y naging ganoon na lamang na makamundo na ito nga’y napadpad at ibinenta ang kanilang karapatan bilang isang Cristiano, sa politika, at naging politika muna bago ang Biblia. Oh, grabe!

⁷¹ Ngayon, pansumandali po, at tingnan n’yo kung papaano ang kinalabasan nito. Ngayon, nakita mismo natin ang ginawa nila’t mga bagay na ginawa nila noon, nakita natin doon kung papaanong tumutugma ’yun sa ngayon nang saktong-sakto, na ang kasalana’y kahit saan na lang talaga. Nakapasok si Jezebel, nahalina niya ang mga tao. At pansinin n’yo, sa dakong huli, nagsimula siyang magpatayo ng naglalakihang mga dambana para kay Baalim. Tama po ba? At ’yung mga saserdote ni Baalim ay nagsipuntahan doon mula sa iba’t ibang mga dako,

at sinimulang hawaan ng grabeng kabulukan ang buong lupain ng pagsamba kay Baalim.

⁷² Tingnan n'yo kung papaano nila 'yun ginawa, tingnan n'yo kung papaano silang lihim na nakapasok doon. Yung mismong bagay na ginawa nila roon, tingnan n'yo kung saan na sila napadpad ngayon. Tingnan n'yo ang Katolisimo na nananakop, nananakop, nananakop; ipinag-aasawa, ginugulo ito, na ganun sa eksaktong sinabi ni Daniel na gagawin nila. Ang bakal at ang putik ay di maaaring magsama, pero pinaghahalo mismo ang kanilang mga binhi sa isa't isa, ginugulo. Bawat binibining Protestante na makikipag-asawa sa isang binatang Katoliko'y ibubunsod na itaguyod niya ang mga magiging anak niya na maging Katoliko. Lahat nga'y napasa ganoon, pag-aasawahan, may pakikipag-isa ng binhi, na ganoon mismo ang nangyayari na darating sa punto na ang buong Estados Unidos ay tadtad na ng mga uod.

⁷³ Anong puwede nating gawin bilang mga misyonero, na tayo nga'y humahayo roon sa malalayo para palayain ang Timog Amerika't lahat ng buong panig ng mundo, si Tommy Osborn at sila, na sinisikap hanguin ang mga tao palayo ng paganismo at ang mga tao roo'y maituturo nga nila ang kanilang daliri na parang ibinabalik sa atin na hindi ba't ganito namang pinuno ang ibinoto natin, at ganoon mismo. Oh Diyos. Anong—anong mangyayari sa mundong ito? Ang dapat sana'y yugyugin Nito ang bawat tao sa dakong 'yun. Papaano tayo sasagot? Anong sasabihin nung misyonero kapag sinabi nila, “Heto kayo na pumaparito para palayain kami mula rito, at samantalang ang sarili n'yo namang bayan ay ganitong uri rin ang iniluluklok sa katungkulan, sa luklukan doon”? Papaano natin. . . Anong. . .

⁷⁴ Balikan n'yo ang mga pahina ng kasaysayan, balikan n'yo at tingnan kung hindi ba't 'yan—'yan nga'y ganap, na halos, wala sa konstitusyon kung tutuusin. Hindi nila 'yun ginagawa noong maraming mga taon na ang nagdaan pero, kita n'yo, naibenta natin ang ating mga karapatan bilang mga Cristiano sa politika, at sa ganoon ngang paraan unti-unting nakapasok ang diyablo. Si Ahab nga'y kung tutuusin ay isang papet na pangulo lamang ni Jezebel. Ang lahat ngang ito'y mauuwi talaga sa ganoon, anupa't papet na pangulo lamang. Mistulang di niya 'yun gawa sa sarili niya, pero 'yung sistema sa likod nun ang magbubunsod sa kanya patungo roon. Ganoon nga mismo! Gisingin n'yo ang inyong ulirat, ikaw na Cristiano. Gisingin n'yo ang inyong sarili, dahil talagang huli na sa inaakala n'yo. Itong kalagayan na kinalalagyan natin ngayon, kalagayan na kinasadlakan nila noon, at 'yung kung papaanong napabayaan nila ang kanilang mga sarili na maging maluwag.

⁷⁵ Ganoon na lamang na yaong dakilang maibiging puso ng Diyos ay napalahaw, at nanangis, habang nakikita Niya ang Kanyang mga tao sa pagmi-misyon. Ginawa pa naman silang

isang halimbawa, na ang lahat ng mga bansa'y manggagaling sa lahat ng mga dako dahil pinagpala sila ng Diyos, na makita sila na magkakalakip. Sa espiritu, pinaglilingkuran ang Diyos. At heto't ang isipin na Siya—Siya ay nanabik na makita sila na makapanumbalik sa kanilang unang pag-ibig at gawin kung ano mismo ang tama, pero ang nangyari nga'y patuloy silang napapalayo, napapalayo, napapalayo, hanggang sa nakapasok na mismo si Jezebel. Ganoon nga mismo ang nagawa natin. Napalayo mula sa mga pamantayan ni Cristo. Noong panahon na ang Diyos ay magsugo ng mga ministro sa buong bansa, ipinangaral nila ang kabanalan (ang mga Pilgrim Holiness, mga Nazarene, mga Pentecostal), “Manumbalik kayo sa Diyos! Manumbalik kayo sa Diyos!”

⁷⁶ At yaong mga talagang matatagal nang natatag na mga kaiglesyahan ay nagtawa lamang at nanlibak. Marami nga sa kanila'y mananampalataya na nakahilig sa pagiging moderno, aba't, kinokondena nila ang lahat ng ginagawa ng mga lalaking ito at sinasabi “Sa diyablo Ito.” Anong ibinunsod nun? Haya't ang iglesya'y nagsimulang makinig doon, napakarami ang nagumpisang makinig. Malalaman mo na lang, “Kung puwedeng magsuot ng mga ganito ang Katolikong babae, puwede rin sa Protestante. Kung puwedeng gawin *ito* ng iglesyang Katoliko, puwede na rin sa Protestante. Hayan nga't kung puwede sa Methodist, paano naman sa mga Baptist? Tapos kung puwede sa Baptist, paano naman sa mga Pentecostal?”

⁷⁷ Kita n'yo, sa ganyan nga kayo ibinubunsod ng mga sistema na gawa ng tao. Hallelujah! Ganoon nga. Yan ang dahilan kung bakit ako laban dito, dahil ang Salita mismo ng Diyos ay laban dito. Mga sistemang gawa ng tao: laban dito ang Diyos, ang Kanyang Salita ay laban dito, kung kaya naman ang Kanyang mga propeta'y magiging laban dito, ang Kanyang tunay na mga lingkod ay magiging laban dito, lahat ng mga ipinanganak ng Espiritu ng Diyos ay magiging laban dito.

⁷⁸ Tingnan n'yo kung saan mismo napadpad ang Israel, kung papaanong nagpalutang-lutang sila sa daluyong, hanggang sa si Jezebel ay nakapasok na. Tingnan n'yo kung papaanong ang Amerika'y napadpad din, at nagpalutang-lutang sa daluyong na ito ng pagka-makasanlibutan, hanggang sa dulo'y si Jezebel haya't kinubkob na niya ang luklukan. Ganoon nga. Ngayon, si Jezebel ay di naman nakapuwesto nang aktuwal sa luklukan ng Egipto. . . o, luklukan ng Israel, pero siya yaong pinaka ulo sa likod nung luklukan. At ang herarkiya ng Katoliko ay wala naman dun kung tutuusin sa luklukan ng Estados Unidos, pero siya nga ang sistema sa likod nun dahil siya'y kasal dito. At sinabi ng Biblia, na sa bansang ito, sila'y lilikha ng “isang larawan na *katulad* nung halimaw.”

⁷⁹ Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ano na mismo ang nangyayari? Buweno, alam ko—alam ko kung ano. Sinabi ng

Biblia na mapapadpad sila roon sa kapanahunan ng Laodicea, at haya't naparoon tayo. Maaaring kamuhian n'yo ako ngayon, pero darating ang araw na hindi na kapag nakita n'yo kung ano ang Katotohanan. Maaari sigurong di kayo sang-ayon dito't sige nga kayong tatayo at magdadabog palabas ng gusali, pero ipinapakita lang n'yan ang kakulangan n'yo sa kaalaman. Pero darating ang araw na mapagtatanto n'yo, darating mismo ang araw na 'yun na magsisisi kayo't malalaman na ito mismo pala ang Katotohanan! Sinasabi ko Ito sa Pangalan ng Panginoon! Inilalagay ko rito ang sarili ko bilang asintahan, na magdadala sa akin sa aking libingan. Pero ako'y magiging saksi hanggang sa ako'y mamatay, kung lingapin ako ng Diyos. Siyanga.

⁸⁰ Heto nga tayo sa kalagayang ito na kinasasadlakan natin ngayon, na ang lahat ng mga bagay ay nabubunsod sa ganito. At ang Israel, kung papaanong ginawa 'yun noon ni Ahab, na isang papet na pangulo kay Jezebel dahil siya nga-...siya'y kasal sa kanya. Amerika, ang ating pinuno, papaano nangyari na ang isang... Alam n'yo ba na ang pinuno natin ay isang mayamang lalaki? Ilan po ang nakakaalam n'yan? Isang multi-milyonaryo. May nakapagsabi sa akin, sa magasin o sa radyo yata o sa telebisyon o kung saan, si Jack Benny po yata o kung sino ang nagsabi ng...si Ernie Ford po, sa pagkakaalala ko. May nagsabi nga na "Yung tatay ng presidente'y tumulong para makuha niya 'yung dalawang estado na di sumusuporta sa kanya." Talagang kuha-kuha ang nalalabi pa roon. Papaano niya 'yun nakuha? Papaano't saan nanggaling ang perang 'yun? Haya't galing sa mga pagnenegosyo ng wiski, at mga alak. Yun ang dahilan kung bakit ibinaba niya ang mga buwis sa wiski't ganung mga bagay. Yun ang dahilan kung bakit siya yumaman nang ganoon. Yung mismong bagay na naglagay sa bansa natin sa kapahamakan, 'yung mismong bagay na sumira sa isipan ng ating mga kababayan, bagay na nagbunsod sa mga kalalakihan natin na maging lango sa alak, at ang mga kababaihan natin na maging mga patotot, 'yung perang galing dun ang nagpayaman sa kanya.

⁸¹ Yaong siya ring bagay, yaong matandang sistemang Jezebel na 'yun, yaong siya ring bagay na umusig noon sa ating mga kapatid, yaong siya ring bagay na kumaladkad sa kanila palabas (noong panahon noon ng Romanismo) at sumunog sa kanila at ginutay-gutay sila at ginawa na ang lahat ng karima-rimarim sa kanila, yaong siya ring dugo ng mga martir (haya't sinasabi ng Biblia) ay naroon sa kanya! Hayun sila, pinaglakip na maging mag-asawa. At tayong mga Amerikano'y sumuray na napadpad sa ganun, "Oh, buweno, may karagdagang dolyar naman kaming matatanggap at kami'y nagtatamasa naman ng kasiyahan. Mas higit pa nga ang kalagayan kaysa sa iba pang mga bansa." Pero, kapatid, hintayin mo lang.

⁸² Atin pong tugaygayin ito nang letra por letra, sa susunod na ilang mga minuto, tingnan natin kung ano itong nangyari.

⁸³ Natangay ang mga mangangaral, naging sunud-sunuran na rin sa kanila, sumabay sa lakad nila, ang buong sistema. Ang buong sistema ng Israel ay lumakip doon kay Jezebel. Sila nga'y may anyo roon, totoo 'yan. At hindi ba't sinasabi sa atin ng Biblia na sa huling mga araw ay sila'y magkakaroon nitong "anyo ng kabanalan"? Lahat ng mga propesiya'y natupad na, kapatid, narito na tayo sa katapusan! Sa usaping pambansa, narito na tayo sa katapusan! Sa espirituwal, narito na tayo sa katapusan! Bawat sistema'y naroon na sa katapusan nito! Ang kasunod na bagay na lamang ay ang pagparito ng Panginoon at ang pagbabagong-dako ng Iglesya.

⁸⁴ Ipinadala na ng Diyos ang bawat tanda, kababalaghan, ginawa ang lahat na Kanyang magagawa, sinisikap na akayin ang mga tao, at sa tuwina nama'y napapadpad sila sa ganoon. Tingnan n'yo na lamang ang bayan na ito rito. Tingnan n'yo itong probinsya sa dako rito, na maka-sampu't daan-daan na mga Pentecostal ang mga taga-rito; at dahil sa kailangan ang pagtayo sa Katotohanan, nasaan na sila ngayon sa hapon na ito? Haya't may nagsabi sa kanila na huwag raw makipagkaisa sa pagtitipon na ito. Kayo na kaawa-awa't, nananadya. . . Ang Diyos ay mahabag sana sa inyo, 'yan nga ang tanging masasabi ko. Anupa't kayong mga Cristiano'y wala nga kayong gulugod dahil mangyaring, manipis na tinik ang mayroon kayo sa halip na gulugod. Siyanga! Haya't ang kailangan natin ay "ipangaral ang Ebanghelyo nang may ngipin," na sadyang didikdik sa bagay na 'yun hanggang sa madurog. Sila nga'y nasadlak sa kalagayan gaya ng iba pa, tapos magtataka kayo kung bakit sumisigaw tayo tungkol sa bagay na ito. Pagkatapos, makikita mo na lang, ang itutugon lang sa iyo'y "malamig na pagkikibit-balikat." Inaasahan ko na 'yan, tinitiiis ko.

⁸⁵ Lahat ng mga ito'y nangyari noon sa Israel. Hanggang sa, isang araw, hetong dumarating nang may pagyabag mula sa ilang, dumarating ang isang matanda't mabalahibong lalaki, si Elias na Thisbita. Di siya nanggaling mula sa kung ano roong organisasyon, nanggaling siya mismo mula sa ilang! Wala nga siyang kaugnayan sa kanila. Siya ang propeta ng Panginoon. Kapatid, niyugyog niya mismo ang kahariang Jezebel na 'yun dahil sa lahat ng nakapaloob doon. Kinamuhian nila siya. Wala siyang naging kaugnayang magtataguyod, sinisigurado ko 'yan sa inyo. Sinasabi ng Biblia na wala nga. Tunay. Ibinunsod niya ang mga Jezebel doon na de kolorete ang mga mukha na "mag-apoy," nakikinita ko. Iniumang niya ang palakol sa ugat mismo ng puno katulad ng ginawa ni Juan, sige't mangyari na ang dapat mangyari, pero kanya ngang iniumang ang palakol doon. Niyugyog niya ang buong bansa, ipinakita sa kanila na sila'y mali, at sinisikap na tawagin sila pabalik sa tunay na buhay na Diyos, at pabalik sa Kanyang Salita sa halip na patungo sa isang Jezebel na pagsamba.

⁸⁶ Anong ginawa nung mga tao? Tinanggap ba nila siya? Aba't kinamuhian nila siya! Pero ang Salita nga niya'y dumagundong ano't anuman, dahil taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Kumikilos sa kanya ang Diyos, at ipinakita na siya'y pinahirang propeta sa pamamagitan ng mga bagay na binigkas niya't nagkatotoo. At lahat ng mga bagay na ginawa niya'y patunay na siya'y propeta talaga mismo ng Diyos. Pero sa kabila nun ay di nila Ito sinampalatayanan, dahil kanyang winasak ang kanilang mga bahay-aliwan. Idiniin niya sa kanila na sila'y mali. Na si Ahab ay anupa't isang tampalasan. Totoo naman! At kung mapapansin n'yo di nila siya pinaniwalaan, pero kanya Itong ipinangaral ano't anuman. Walang kahit isa sa mga mangangaral ang sumang-ayon sa kanya, ang sabi pa nga niya, "Ako na lamang ang isang natitira, Panginoon. Iyo pong pagmasdan sila, ni di man lang nila . . . ni isa, wala ngang gustong sumuporta." Pero haya't may misyon nga siya na dapat gustong gawin at kanya 'yung ginawa. Taglay niya ang Salita ng Panginoon, ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! At tinuligsa niya ang bansa, tinuligsa niya ang iglesya, tinuligsa niya ang lahat ng naroon, at ang Diyos ay kasama niya!

⁸⁷ Ipinangako sa atin, sa huling mga araw, na siya ay babalik sa lupain ding ito. Alam ko, si Jesus, noong . . . Mateo 17, noong tanungin nila Siya, "Haya't tunay na sinasabi ng mga eskriba, 'Si Elias. . .?'"

⁸⁸ Masdan n'yong maigi 'yung sinabi Niya, "Si Elias ay tunay na mauuna munang darating," pangnagdaan, kasalu- . . . nasa panghinaharap. Pero haya't ibigay Niyang halimbawa si Juan. Si Juan nga'y hindi ang Malakias 4. Si Juan yaong Malakias 3, "Narito, Ako'y magsusugo ng isang mensahero na mauuna sa Akin, para ihanda ang daan."

⁸⁹ Malakias 4, ang sabi Niya, "Bago dumating ang dakila't kakila-kilabot na araw ng Panginoon, na ang buong mundo ay sisilaban na kagaya sa dayami; bago ang araw na 'yan, isusugo Ko si Elias."

⁹⁰ At di po 'yun si Juan, dahil di naman sinunog ng Panginoon ang mundo nung dumating si Juan. At kung mapapansin n'yo, at doon sa huling kabanata, sa huling talata, ang sabi Niya, "At siya . . ." (masdan: may tinutukoy na *siya*) ". . . ipanunumbalik ang mga puso ng mga magulang sa mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa mga magulang."

⁹¹ Ngayon masdan! Ang unang Juan ay dumating, ang unang Elias, anong ginawa niya? Dumating siya at nagdala ng isang Mensahe at ipinanumbalik ang mga nagtitigasang mga puso ng matandang orthodox tungo sa pananampalataya nung batang iglesya, ang mga anak. Pero sa pagdating ng susunod na Elias, sa huling kapanahunan, siya'y babaling nga't dadalhin 'yung —'yung puso ng mga magulang. . . o mga puso ng mga anak, ang

ibig kong sabihin, at ipanunumbalik ang mga 'yun patungo sa Pananampalataya ng mga pentecostal na magulang. Nakikita n'yo po ba ang kaibhan? Ang tao ngang ito'y di maaaring gaya ng mga ilan dito na *tinagurian* lang sa panahon natin dito, siya nga'y babaling mismo roon sa Mga Gawa 2 at dun magsisimula. Ipangangaral niya ang Ebanghelyong di-nahaluan, na sadyang sasabihin lamang ang siya ring parehong mga bagay na ginawa ni Pedro doon sa Araw na 'yun noon ng Pentecostes, dahil 'yun mismong sinabi niya roon sa Pentecostes ay pinagtibay ang iba pang bahagi ng Kasulatan. Hindi niya 'yun babaluktutin para katigan ang kung anong organisasyon, kapag dumating si Elias. Kamumuhian niya ang mga kababaihan gaya ng ginawa noon ni Elias, gaya ng . . . o masasamang kababaihan, gaya ng ginawa noon ni Juan. Siya'y may pagkahilig sa ilang kung papaanong sila'y ganoon noon. Wala siyang pangingilagan. Nakaantabay tayo sa kanyang pagdating. Darating siya! Sinabi ng Diyos na siya nga'y darating, at siya'y darating at darating talaga!

⁹² Naniniwala ako, na sa kung anupaman, pangungunahan sa Mensaheng ito na taglay natin ngayon ang dakilang pagdating ng mensahero. Siyanga, po! Siya'y parating na, ipinanganak na. Gaya ng kung ano si Elias noon, at haya't bigla-bigla na lang siyang lalabas mula sa ilang, sa kung saan para ilantad ang sarili. Ipangangaral niya ang Mga Gawa 2. Ipanunumbalik niya ang Pananampalataya ng matandang Pentecostal na mga magulang sa . . . ang pananampalataya ng mga Pentecostal na anak, patungo mismo sa Pananampalataya ng mga Pentecostal na magulang. Siya mismo'y babaling mismo, pabalik sa Mga Gawa 2, Mga Gawa 2:38, at lahat ng nakalakip kasunod nun. Dadalhin niya ang tunay, na di-nahaluang Ebanghelyo. Siya'y hindi magkakaroon ng anumang kaugnayan kay Jezebel at sa sistema nito. Siya'y mananatili bilang lingkod mismo ng Diyos. Tunay nga! Sinabi ng Biblia na darating siya. Magpropresiya siya at padadagundungin niya ang kanyang Mensahe sa mukha mismo ng mga Jezebel, nang sadyang eksakto sa ginawa noon ni Elias sa simula sa Israel. Kamumuhian nila siya! Di nga sila makikipag-ugnay man lang sa kanya. Hindi, hindi. Siya nga'y darating! Ipinangako 'yun ng Diyos, at siya'y lilitaw mismo sa eksena. Siya'y—siya'y mangangaral sa Iglesyang Hinirang gaya ng sinabi ng Biblia na gagawin niya, yuyugyugin ang Hirang, yuyugyugin paalis ang pagka-karnal doon, ang—ang sanlibutan at mga bagay-bagay, yuyugyugin hanggang sa pinaka tagus-tagusan, bababa ang init hanggang sa kaibuturan, paglalakipin ang Iglesya na mag-isa, na maging isang bayan.

⁹³ Alam ko na sasabihin n'yo, “Ang denominasyon ko 'yan.” Kapatid, nagkakamali ka! Si Juan ay dumating bilang sistema na iisang-tao lang upang ipakilala ang Isang Lalaki: si Jesus Cristo. At ang Elias na ito'y di magiging isang sistema, siya'y isang tao lang, 'yan mismo ang sinabi ni Jesus. Isang tao lang

na pinahiran ng Espiritu Santo. At di siya magpapakilala ng kung anu-anong tatlo o apat na diyos, Isa lamang ang kanyang ipakikilala: ang Panginoong Jesus Cristo, dahil ang kanyang Mensahe'y yuyugyog sa mga Pentecostal na mga anak na sila'y manumbalik sa Pananampalataya ng mga magulang muli.

⁹⁴ Alalahanin n'yo, kapatid, kung sinasabi ko ang mga bagay na ito para manira, kinakailangan ko ngang maparoon sa altar. Sinasabi ko sa inyo, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" kung di pinagtibay ng Diyos itong mismong sinasabi ko sa inyo na Katotohanan, sa buong bansa, sa buong mundo, kung gayon ay sabihin n'yo sa akin kung nasaan ang mali. Haya't sinasabi ko mismo sa inyo ang Katotohanan! Magsipanumbalik kayo sa Diyos, sa lalong madaling panahon! Umalis kayo palabas mula sa mga sistemang 'yan, dahil sinabi ng Biblia sa Aklat ng Apocalipsis, na ang herarkiya ng Romano Katoliko ay isang "patotot," at siya ang "ina ng mga patotot." Ano 'yun? Mga kaiglesyahan, mga sistema.

⁹⁵ At saan nga ba nanggaling ang iglesyang Methodist, ang iglesyang Lutheran, saan nga ba nanggaling? Ang Methodist, Baptist, saan nga ba nanggaling ang lahat ng mga organisasyon na ito? Ang Diyos nga'y di kailanman nag-organisa ng kung anong iglesya. Sinasabi ng iglesyang Katoliko na sila yaong nasa una roon, "Inorganisa ni Jesus ang iglesya." Sige't gusto kong—gusto kong pakitaan n'yo ako ng pahina sa kasaysayan, o pahina sa Biblia. Wala ngang organisasyon sa loob ng tatlong daa't anim na taon matapos ang kamatayan ng huling alagad, na pagkatapos nga noo'y binuo nila ang Konsehong Nicene at bumuo ng isang organisasyon. At nung lumabas mula roon si Luther . . . siya nga'y dakilang lalaki ng Diyos, pero nung siya'y yumao na, yaong munting grupo na 'yun ng mga tao'y umusad at bumuo ng panibagong organisasyon. Pagkatapos nagpunta ang Espiritu Santo kay John Wesley, wala siyang inorganisa na kahit na ano, pero nung siya'y yumao na haya't doon mismo'y nag-organisa sila. Pagkatapos dumako ang Espiritu Santo sa mga Pentecostal, at lumabas sila mula sa Methodist. At anong nangyari? Pagkatapos nga'y nag-organisa *sila*.

⁹⁶ Pero ang ibubunsod ay iisang-taong sistema na taglay ang kapangyarihan at pahid ni Elias, para tuparin ang propesiya. Hallelujah! Yuyugyugin niya 'yun. At, alalahanin n'yo, siya'y nagpropesiya sa kanila, at nagpropesiya, at sinaysay sa kanila ang lahat ng mga bagay na ito, at kumilos sa kanya ang Diyos. Pero mangyaring ang huling Mensahe niya'y panunuligsa laban sa White House. Uh-huh. Noong dumating noon si Juan, ang pinaka huli niyang Mensahe ay panunuligsa sa White House nung panahon na 'yun. Ang huling Mensahe ni Elias, noong lumakad siya roon sa lansangan nung umagang 'yun matapos na mapasa Presensya ng Diyos sa ilang, hayon nga't lumakad sa lansangang 'yun na ang buong katawan ay tadtad ng di-

naahitang buhok, na ang kalbo niyang ulo'y nangingintab, hinahangin ang balbas, 'yung mumunti, niyang matatandang mga mata'y nagniningning sa kaluwalhatian ng Diyos. Hayun ang tungkod niya sa kanyang kamay, at ang mga paa niya'y talagang tuwid at matatag ang lakad. Ano 'yung ginagawa niya roon? Lumalakad galing Samaria patungo sa harapan ng White House, at sinasabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" Wala ngang kinatatakutan. Tinanggihang siya ng mga iglesya, at tinanggihang siya ng mga tao, kaya hayun siya na ang ibinibigay ay huling panunuligsa, laban sa White House.

⁹⁷ Pagkatapos anong nangyari pagkatapos nun? Pakinggan! Pagkatapos nung panunuligsang 'yun, ang tinig niya'y di na narinig pa, di na siya narinig ng kahit sino. Tinawag na siya ng Diyos palayo ng eksena, sabi, "Elias, tapos mo nang ipaalam ang Mensahe mo sa buong Israel, nalaman na nila Ito. Ngayon pumarito ka sa ilang, lumayo ka sa kanila, ibukod mo ang sarili mo dahil may bagay Ako na gagawin. Ipakikita Ko sa kanila kung anong bunsod kapag tinatanggihan ang Aking Mensahe." Anong sumunod? Digmaan, tag-gutom, kagutuman.

⁹⁸ GANITO ANG SABI NG ESPIRITU SANTO, "Masdan n'yo kung ano 'yung dumating! Masdan n'yo kung anong sumunod! Nagkaroon ng tag-gutom, *magkakaroon* ng tag-gutom!" Oh, marahil di sa tinapay, bagkus sa pakikinig sa Salita ng Diyos at sa Kanyang Katotohanan. Ang lahat ng mga kaiglesyahan ay mauwi na lamang sa pakikisalamuha at masasadlak dun nang ganoon na lang, katulad ng pagkakasadlak na nila rito.

⁹⁹ Anong ginawa ni Elias? Nakasumpong siya ng nakatagong batis, doon sa bundok kung saan nakakakuha siya roon ng Tubig ng Buhay, Makalangit na mga kapahayagan mula sa Diyos sa kanyang pagkakaupo roon sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Yung mga kapahayagan niya'y yaong munting tagong batis, habang ang iba sa kanila'y nangamamatay sa gutom. At binigyang-pala ng Diyos ang Kanyang mga lingkod (yaong mga uwak), nagdala sila para sa kanya ng makakain habang siya'y nakabukod sa mga tao. At 'yung mga tao'y nasa ibaba na sila'y gutom na gutom para sa rebaybal at sa lahat ng mga bagay na 'yun na nangyayari. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "Di ko na naririnig ang mga rebaybal nung taong 'yun sa . . . Nasaan na ba ang matandang baliw na 'yun na lumilibot sa buong lupain at binubulyawan ang ating mga organisasyon? Nasaan na nga ba siya?" Hindi nila malaman. Inilayo niya ang kanyang sarili upang mapasa Diyos, palayo roon sa isang bukod na lugar kung saan di na nila naririnig pa ang kanyang tinig. Pagkatapos dun ay unti-unti nilang nakikita.

¹⁰⁰ Sa tuwing ang Diyos ay nagpapadala ng isang Mensahe't may bagay na isinasaysay sa mga tao, at di nila tinatanggap Ito, haya't inilalayo Niya muna sa eksena ang Kanyang lingkod at ipinapadala ang Kanyang mga salot: kagutuman, kamatayan

(sa espirituwal na pananalita't, sa pisikal din). Antabayanan n'yo ang paglubog ng ekonomiya ng bansa, kapatid. Iniisip n'yo na nakita n'yo na ang lahat, anupa't hintayin n'yo lang. Wala pa kayong nasasaksihan n'yan. Iniisip n'yo na ngayon pa lang ay nangamamatay na kayo't nananabik sa kawalan ng mainam na espirituwal na rebaybal, haya't maghintay-hintay lang kayo. Maghintay-hintay lang kayo, na mananabik pa't magsusumamo na sana makapakinig ng Salita ng Diyos. Yan mismo ang sinabi ng Biblia! "Magkakaroon ng tag-gutom sa huling mga araw," sabi ng propeta, "at hindi sa tinapay at tubig lamang, bagkus sa pakikinig ng tunay na Salita ng Diyos." Pero ang tinig na 'yun ay di na maririnig, na naparoon na sa ilang kung saan, na nakatago.

¹⁰¹ Nagtalaga Siya ng mga uwak, na Kanyang mga lingkod. Pagpalain ang mga ibon na 'yun, na Kanyang mga lingkod, na iningatan ang tinig ni—ni Elias sa panahon na siya'y—siya'y ibinukod mula sa iglesia. Ang mga uwak ay nagdala sa kanya ng karne't tinapay sa umaga, at karne't tinapay sa gabi, at siya'y uminom mula sa munting bukal habang ang iba sa mga tao'y naroon sa ibaba't di magkandamayaw dahil sa kawalan ng anumang espirituwal na makakain at mainom.

¹⁰² Pagkatapos isang araw, matapos na umabot na sa sukdulan ang parusa dahil sa kasalanan, at napaluhod ng Diyos ang Kanyang bayan sa kanilang mga tuhod. . . Mangyaring kinuha lahat ni Jezebel, talagang sinimot niya ang lahat, at gagawin at gagawin niya ito uli! Haya't GANITO ANG SABI NG BANAL NA BIBLIA NG DIYOS, "Gagawin at gagawin niya ito uli." Siya'y naroon na sa luklukan ngayon, sa likod ng papet na pangulo; binabaluktot ito sa anumang paraan na gustuhin niya, wala ngang makapipigil sa kanya. Tunay, walang makapipigil sa kanya ngayon, dahil 'yung di nila magawa sa pamamagitan ng mga relihiyo'y dun nila gagawin ito—gagawin ito sa politika, at haya't nagawa nga nila. Uh-huh, 'yun mismo ang bagay na ginawa nila. Na, ang politika ang magpapasimula ng pagbo-boykot nang sadya ngang kung papaanong babaling ito sa tanda ng hayop, at tiyak 'yan gaya ng kung paanong nakatayo ako rito, kita n'yo, gaya ng sinabi ng Biblia.

¹⁰³ Alam kong atrasado na ang oras natin, bibilisan ko na. Nais ko lang maipangusap itong huling salita na ito, kung ilolob sa akin ng Panginoon.

¹⁰⁴ Masdan! Nanatili sa lugar na 'yun si Elias hanggang sa pakilusin siya ng Diyos. Wala siyang naging mga rebaybal dun. Di nga siya nangaral dun sa kung kanino. Nanatili lang siya roon kasama ang Diyos na mag-isa, sa may ilang, dahil isa nga siyang tao ng ilang. Lumaki siya sa ilang. Na kung papaanong si Juan ay lumaki rin sa ilang.

¹⁰⁵ Nagpunta siya sa ilang nang mag-isa't kasama ang Diyos, umalis mula sa kanyang iglesia matapos na maibigay niya ang

kanyang Mensahe. At tinanggihan Ito ng iglesia, tinanggihan Ito. At sa huli'y wala ng ibang gagawin ang organisasyon, kaya kinailangan niyang lumayo roon. Tinawag siya ng Diyos mula sa eksena, kinuha siya't dinala sa ilang, ang sabi, "Sige't umalis ka na riyan at pumunta rito, ayaw na nilang makinig. Pumarito ka, at pagkatapos ay ibubuhos Ko ang hatol Ko sa kanila." Oh, siyanga, siya'y paririto isa sa mga araw na ito, antabayan n'yo.

¹⁰⁶ Pagkatapos, matapos ang mga araw ng pagpropesiya niya, anong nangyari? Nanlupaypay ang iglesia, hayan ang grabeng pananakot ni Jezebel, tinangay niya sila para magawi sa kanya, sinakop niya silang lahat. Tinangay niya sila para mapasa kanya, at nagpatayo ng mga rebulto't lahat na.

¹⁰⁷ Pero, isang araw, tinawag siyang muli ng Diyos! Heto na nga siya na lumabas. Pakinggan n'yo po itong maigi, at huwag po kayong magagalit sa akin. Ang sinasabi ko'y, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" Nung paglabas niya, anong ginawa ng Diyos? Pinadala siya ng Diyos sa isang babaing balo. Ang babae nga'y may-may lalaki noon na siyang ulo na mas mataas sa kanya, pero kinailangan ng kamatayan para ang babae'y mapalaya nang sa gayon masampalatayanan niya ang Salita ng propeta. Napansin n'yo ba 'yun? May asawang lalaki siya noon na nagtuturo sa kanya kung saan ba rito ang daan at saan doon ang daan, sa isa sa mga eskuwelahan doon. Pero sa matinding tag-gutom, ang lalaki'y nasawi, kinuha siya ng kamatayan. Kaya ang babae'y wala nang kaugnayan sa ano pa mang organisasyon, kaya siya'y handa na ngayon para makinig sa Salita ng Panginoon. Isa pong babae, na nangangahulugang ang Iglesia; isang babaing balo, na ang asawa niyang lalaki (organisasyon) ay namatay, at haya't iniisip niya na di na niya yata kayang mabuhay pa sa sarili niya. At ang sabi ng Diyos, "Magpunta ka sa kanya ngayon, pakikinggan ka niya, siya'y inutusan Ko."

¹⁰⁸ Oh, iniisip natin kung minsan, kayo na munting grupo dun na kay tatapat at ginagawa ang lahat ng magagawa n'yo para magkaroon lamang ng isang pagtitipon, para sikaping ipakita sa mga tao na ang puso n'yo ay tama't nagnanais lang kayo na sila'y mailagay rin sa tama, kung minsan nga'y iniisip n'yo na nahihirapan na kayo. Pero, alalahanin n'yo, ang Diyos ay nakaantabay lang ang mata Niya sa inyo! Iniibig n'yo Siya, alam ko na iniibig n'yo Siya, dahil di naman kayo uupo rito, di kayo magtitiis na dumalo sa ganitong bagay. Ang Diyos nga'y nakaantabay lang ang mata Niya sa inyo. Oo!

¹⁰⁹ At nung ang lalaki, ang asawang lalaki'y namatay, yaong organisasyon nung babae't namatay, kaya ngayon ay handa na ang babae na mapakinggan ang Salita ng propeta. Kaya nung ang propeta'y sumapit na roon sa may pinto at humingi sa babae ng-ng kaunting tubig, nagpunta ang babae't kumuha agad ng

tubig. Pagkatapos ang sabi nung propeta, “Dalhan mo ako ng sansubo ng tinapay.”

¹¹⁰ At bumaling ang babae't nagsabi, “Habang ang Diyos ay nabubuhay, wala po akong labis na ganoon bagkus sapat lang.”

¹¹¹ Ngayon, mistula ngang 'yung propeta'y pinadala roon para kunin pa 'yung kakaunti na mayroon siya, pero kabaligtaran po. Nung 'yung babae'y bukal sa kalooban niya na ibigay ang anuman na mayroon siya para suportahan ang Salita, pinakain siya ng Diyos. At kung bukal sa kalooban n'yo na ibigay ang mistulang sapat na Espiritu na nasa inyo, sapat na Espiritu na ibinigay sa inyo ng Diyos para itaguyod ang Salita, ay kung ganoon ay pananatilihin ng Diyos na kayo'y buhay. Hallelujah! Oh, maluwalhati ang Diyos! Nakikita n'yo ba, iglesya? Huwag n'yo pong isipin na parang nawawala ako sa sarili ko, hindi po. Pero 'yang mistulang sapat na taglay n'yo, 'yang kaunti man na nagbubunsod sa inyo na manampalataya sa Diyos, 'yang munti mang panampalataya na taglay n'yo, ilagay n'yo sa Salita, hindi sa organisasyon! Ilagay n'yo sa Salita ng Diyos, Kanya kayong pananatilihing buhay.

¹¹² Handa na siya, anupa't di niya 'yun magawa noon, dahil di nila siya pinahihintulutan. Pero ngayon siya'y handa na. Kanya kaya itong tatanggapin? Nagsugo ang Diyos ng propeta sa daan papunta sa kanya. Kanya kayang tatanggapin ang Salita nung propeta? Kanya kayang tatanggapin ang propeta na ito? Oo, tinanggap nga niya. At sinabi ng propeta sa kanya, “Ngayon, anuman 'yan na kakaunti na mayroon ka, ilagay mo 'yun dito, dalhin mo 'yun sa akin una sa lahat.” At ano pong nangyari? Habang ang iba sa mundo'y nanlulupaypay at nangamamatay sa gutom, siya at ang mga anak niya at sambahayan niya ay kumakain ng tatlong disenteng pagkain sa bawat araw, haya't Makalangit na kapahayagan sa Salita. Umaasa ako na nakikita n'yo ito, mga kaibigan.

¹¹³ Ano pang nangyari? Yung propeta'y nanatili roon hanggang sa matapos na ang tag-gutom, nabuhay kasama ang babae na ito (itong Iglesya) na tumanggap sa kanya at nanampalataya sa kanyang Salita. At kanyang tiniyak na siya'y nabubuhay (ang Iglesya'y tiniyak na nabubuhay) sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon, dahil sinabi ng propeta “GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

¹¹⁴ Ngayon, wala na tayong sapat na oras para tugaygayin pa ang ibang bahagi ng kuwento, alam n'yo, haya't 'yung tungkol sa kung papaanong pumaroon siya't nakipagtuos kay Baal. Gagawin nga ito ng propeta, isa sa mga araw na ito, huwag po kayong mag-alala. Sa oras na lalakad siya palabas ng ilang na may pagyabag, antabayan n'yo ang mangyayari.

¹¹⁵ Anong nangyari? Mangyari ngang ang mainam, matandang Elias, ang propeta, ang tunay na lingkod ng Diyos, nung siya'y

sumapit na sa dulo ng kanyang daan, sinabi sa kanya ng Diyos, isang araw, sabi, “Elias, matagal-tagal ka na ring nangangaral ngayon. Kinalaban mo si Jezebel at lahat ng kanyang kolorete at lahat hanggang sa ika’y punung-puno na rito.” Sabi, “Sige’t magpunta ka ng Jordan!” At heto ang propeta na pumaroon, dumako sa Jordan. Hayun nga roon ang marumi’t maputik na ilog na umaagos sa ibayo, malamig, na tubig na halos magyelo, katulad mismo ng kakaharapin ng bawat isang tao: ang Jordan, kamatayan.

¹¹⁶ Pero nung ang dakilang lingkod na ito ng Diyos ay lumakad na patungong Jordan, at ang anak niya’y lumalakad sa tabi niya, anak niya sa Ebanghelyo. . . Oh, siyanga’t, ang lalaki’y anak niya, “Ama ko, ama ko, ang mga karwahe ng Israel, ang mangangabayo.” Hayun nga siya roon kasama ang kanyang anak na naglalakad nang bisig sa bisig, pababa roon sa Jordan, pinapanood nung anak ang kanyang ama na payao na nung umagang ’yun.

¹¹⁷ Nung makaparoon na ang propeta sa may Jordan, umabot siya sa likod niya at kinuha ang balabal ng kapangyarihan na nakasukbit sa balikat niya, sabi, “Kamatayan, wala kang ano man na magagawa sa akin.” Tapos hinampas niya ang Jordan, “Tumabi ka, tatawid ako sa umagang ito.” Anong nangyari? Ang ilog nga’y tumabi at natuyo na parang pulbura. Ano ’yun na ginagawa roon nung matandang propeta? Nakatanaw siya sa kalaparan ng Jordan, batid niya na may karwahe roon na naghihintay sa kanya na may mga kabayo. Pauwi na siya, ang gawain niya’y tapos na. Ang anak na niya sa Ebanghelyo ang hahalili sa kanya.

¹¹⁸ Ako nga po’y papauwi nung isang araw mula sa Kanluran. Bigla na lang po itong pumasok sa isip ko. Binuksan ko ’yung radyo (tatlong araw ang dapat kong imaneho, dalawampu’t apat na daang milya, na mag-isa ako). Binuksan ko ’yung radyo at ako. . . pinakikinggan ko ’yung espirituwal na mga programa sa Del Rio, Texas. May isang lalaki roon na napanayam ang tungkol sa isang matandang, itim, na maitim na lalaki. Ang lalaki po’y malapit nang mamatay at ang lalaki’y paparoon na sa ilog, sabi niya, “Ang mga ginintuang panyapak na aking isusuot, ay para makapag lakad sa mga lansangang ginto.” Ang matandang itim na lalaking ito’y nangaral nang buong buhay niya’t ang tanging isang bagay na lang na iniisip niya na makapagpalubay sa kanya, na pagmamay-ari niya, ay yaong lumang banjo niya na nakasabit sa dingding. Naupo siya roon sa malalaking tumpok ng bulak at tumugtog ng mga himno, ipinapahinga ang sarili mula sa kanyang pagmiministryo, gamit ang lumang banjo na ’yun. Yun ’yung naiisip niya, para makapahinga. Sabi niya’y yaong matandang kabayo niya na maiksi ang buntot na lagi niyang ginagamit na sasakyan noong araw ay maparoroon kasama ang karwahe. Binubulay ko nga ang mga ’yun. Sabi

niya, “Ang mga ginintuang panyapak na aking isusuot, ay para makapag lakad sa mga lansangang ginto.”

¹¹⁹ At nung matapos na siyang makaawit, pinatay ko na 'yung radyo. At nagmamaneho nga ako roon, nakahawak ako sa manibela. “Oh, siyanga. Ako man ay paroroon din. Ano kayang makakapagpalubay sa akin? Saan ko kaya matatagpuan ang aking kalubayan sa ilang?” Ako nga'y may simpleng, lumang mahabang baril na tinatawag na . . . Gamit-gamit ko nga 'yun sa pangangaso sa tuwing tag-lagas ng taon. Isa po 'yung .270, ang modelo ay 721, na Remington. Isang lalaki, na kapatid, ang nagbigay nun sa akin, sa California, mga ilang taon na rin ang nakararaan. Gamit-gamit ko 'yun sa pangangaso nang maraming taon at mga taon na rin. Ganoon nga't . . . tunay na isa nga 'yung kalubayan sa akin, dahil alam ko—alam ko na napaka inam na baril 'yun para makapamaril, at 'yun ang kalubayan ko sa ilang.

¹²⁰ Pagkatapos biglang pumasok sa isip ko 'yung pangitain ko. Nung pagparoon ko nga raw at nakatagpo ko ang lahat ng mga kapatiran ko, may narinig akong parang munting halinghing, at heto nga na lumalapit ang aking munting Prince (ang munti kong kabayo na sinasakyan lagi) at idinantay nito ang kanyang ulo sa may balikot ko. Sa isip-isip ko, “Tunay, isa sa mga umagang ito ako'y paroroon na rin, sa may Jordan.” At 'yung lumang .270 na lagi ko noong . . . nakasabit sa may dingding. Matagal ko na ring di 'yun naibababa roon mula pa nung isang tag-lagas. “Yung munting kabayong sinasakyan ko lagi noong araw, ikakabit siya ng Diyos sa aking karwahe, sa umagang 'yun kapag tatawid na ako sa may ilog.” Tatayo nga ako sa kabilang ibayo ng ilog. Ipadadala siya sa akin ng Diyos, nakita ko siya nung isang gabi. Ikakabit siya roon sa karwahe ko, isa sa mga umagang ito. Ako'y yakayao, papailanlang sa mga ulap.

Manalangin tayo.

¹²¹ Oh, sa kapangyarihang 'yun ng Diyos na aking tatamasahin sa paglakad ko roon sa mga lansangang ginto! Siyanga't, ang matandang mahabang baril na nakasabit sa dingding, wala na ngang paggagamitan pa nun. Iniisip ko nga, na sa oras na 'yung karwahe ko'y dumating na, haya't ang munting kabayo ko na sinasakyan ko na nakita ko sa pangitain ay nakakabit kaya dun sa karwahe, sa umagang 'yun, kapag naroon na ako sa may ilog. Umaasa ako na naroon siya. Ninanais kong agawin ako paitaas. Ninanais ko na ang Iglesya'y agawin din paitaas nang gaya rin nun, ninanais ko ito sa bawat isa sa inyo.

¹²² Gusto n'yo bang mabatid kung maparoroon ba kayo sa may Jordan? Magagawa n'yo bang itakwil ang di maka-Diyos na mga sistema ng sanlibutang ito at tanggapin si Jesus Cristo bilang inyong Tagapagligtas? Kung di ka pa isang Cristiano, maaari mo bang itaas ang kamay mo at sabihin, “Ipanalangin

mo ako, Kapatid na Branham. Sa pagsapit ko po roon sa may Jordan, . . .”? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. “Sa pagsapit ko roon sa may Jordan, hinahangad ko na gamitin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na nasa akin at hampasin ang malamig na mga tubig, at lumakad patawid.”

¹²³ Papaanong maaatim n’yo na maupo lang sa ilalim ng ganito mismong pangungusap, sa pahid ng Espiritu Santo, at batid naman na sinasaysay mismo sa akin ng Espiritu Santo ang inyong kalagayan, at hindi pa rin kayo magtataas ng inyong kamay? Ipinapakita lang n’yan na panahon na para sa paglalakbay sa ilang! May isa pa po kaya bago lamang tayo manalangin, may isa pa po ba? May dalawa na nagtaas ng kanilang mga kamay; tatlo, pagpalain ka ng Diyos, iho.

¹²⁴ Makalangit naming Ama! Tatlo; napaka inam, Panginoon, kung sila—sila lamang ay paroroon sa araw na ’yun. Dalangin ko na sila’y maparoon, Panginoon. Itinaas nila ang mga kamay nila dahil sila’y kumbinsido na itong mga makamundong mga sistema’y naghihinalo na, at ang mga tinig ng Salita ng Diyos ay nalalapit nang mahirap masumpungan, na babawiin na ito ng Diyos mula sa iglesya. Ang sigaw, ang tawag ng Nobyo ay yayao na at babalutin ito ng sistemang Jezebel. Pero sila nga’y nagnanais na magkaroon. . . mabuhay sa tabi ng tagong batis gaya ni Elias na inalagaan sa panahon ng tag-gutom. Diyos, Iyo pong ipagkaloob sa kanila ang Espiritu Santo ngayon, punuin ang kanilang mga puso ng kaligyan at kapayapaan, at ilagay ang kanilang mga isipan sa batayan ng Salita ng Diyos nang sa gayon sila’y makapamuhay ngayon at mula ngayon, mapasa walang hanggan. Iyo pong pagpalain sila, Ama. Sila po’y sa Iyo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon.

Habang nakayuko ang ating mga ulo:

¹²⁵ Sila na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay at nagnanais na tanggapin si Cristo, maaari lang po bang tumayo kayo, nang ilang sandali, habang manalangin ako nang isa-isa para sa inyo? Sige po’t tumayo lamang.

¹²⁶ Oh Diyos, ako po ba’y nabigo? Mangyaring tatlo lamang ang nagtaas ng kanilang kamay, at walang may pagkaantig na tumayo para akuin ang siya mismong bagay na ginawa nila. Panginoong Jesus, itinatagubilin ko ang lahat ng ito sa Iyong mga kamay. Naipangaral ko na ang Iyong Salita, at di ko po ito kinompromiso maski katiting. Ngayon akin—akin pong iiwan ang tahanan sa kanila, Ama. Iyo pong gawin ang nararapat sa iglesya man at sa Iyong lingkod, ang lahat ay nasa Iyo na pong mga kamay.

¹²⁷ Ama, dalangin ko na Iyong ililigtas ang mga naliligaw, ang mga gutom ang puso’y busugin ng mabubuting bagay, ibigay ang Buhay na Walang Hanggan sa kanila na mga nauuhaw, magpalitaw Ka ng Iyong mga lingkod para ipahayag ang

Mensahe, magkaloob ng kagalingan sa mga may karamdama't nagdadalamhati, kunin ang kaluwalhatian sa Iyo pong Sarili, sapagkat akin na pong itinatagubilin ang aking sarili sa Iyong Salita. At sa aking kamay, at sa aking puso, at sa aking diwa, Iyong isulat ang Iyo mismong mga Kautusan, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon. Amen.

Sa pagsapit ko sa ilog sa wakas ng panahon,

Di ko po aawitin.

At para bang ang lahat ng mga kaibigan ko'y naglaho;

May Isa roong maghihintay na siyang sa daan ay gagabay,

Sa pagtawid ko sa Jordan ay hindi ako mag-iisa.

¹²⁸ Nakapagbigay ka ba ng mga prayer card, Bill? Para bang ang bigat ng pakiramdam ko. Anong ipinamahagi mo ngayon? B? Nagbigay ka rin ng mga A, hindi ba? Sige, tawagin mo sila. Ang mga B muna, bilang isa hanggang. . . Prayer card B, bilang isa. Ipananalangin natin ang iyong sakit. B, bilang isa, sino po ang may hawak? Prayer card B, bilang isa, isa yata na naroon sa likod na likod. Sige't pumarito ka lamang, binibini. B, bilang dalawa, itaas mo ang kamay mo. Yung binibini po bang 'yun? Bilang tatlo. B, bilang tatlo, itaas mo lamang ang iyong kamay sige po, para makita ko kung saan. Bilang tatlo? Bilang apat, B, bilang apat. B, bilang lima. Maaari mo bang itaas ang iyong kamay kung maaari? B, bilang lima. Yung lalaki po bang 'yun? Sige, bilang anim, pito, walo, siyam, sampu, labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima. Buweno, heto, sige't patayuin lamang ang lahat ng B, kung maaari. Sige't. . .

Yung. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . na nakapunta na sa buong panig ng mundo, bawat misyonero sa labas, saan man kayo't kung magagawa n'yo.

¹²⁹ Lahat ng prayer card B ay tumayo lamang at pumuwesto kayo rito ayon sa inyong numero.

Ngayon, ano nang kasunod? A? Sino ang may prayer card A, bilang isa? A, bilang isa, nasaan? Sigurado namang nariyan. A, bilang isa? Naibigay na 'yun ng mga dalawang araw na, o tatlo na yata ngayon, kaya baka wala na sila rito. Lahat po ng may prayer card A, sige't pumila na rito ngayon sa banda rito. Pumuwesto lamang sa tabi ng dingding, nang mataimtim.

¹³⁰ Gusto kong mangusap sa inyo na mga walang prayer card, sa ilang minuto bago simulan ang pila.

¹³¹ Ngayon, sa mga may prayer card, hawakan n'yo lang 'yan sa inyong mga kamay para makolekta nung mga kalalakhian ang inyong prayer card. Matagal n'yo nga itong hinintay, kayo nga'y pumarito nang maaga ngayong gabi para tumanggap ng inyong

prayer card, at nararapat lang naman na maparito kayo sa pila. Ipinangako ko sa inyo, na ipananalangin ko po kayo. Ngayon, tutuparin ko ang pangako ko. Sa tulong ng Diyos.

¹³² Anak na lalaki mo ba ito? Napaka inam na munting lalaki. Pagpasensyahan n'yo po ako. Ito pong ginang rito'y magandang halimbawa ng tunay na Amerikano. Heto po ang munti niyang anak na lalaki, nakasuot ng munting overall at dyaket na may pahabang guhit ang disenyo. Ang binibini po'y may mahabang buhok, maayos ang pananamit. Pagpalain siya ng Diyos at ang kanyang tahanan, at kanyang asawang lalaki, kanyang mga mahal sa buhay. Yan nga ang sadyang tunay na U.S.A., na ang pagiging "Cristiano" ay hayag na hayag na nakasulat mismo sa ibabaw nito. Nawa'y magtagal pa na ang lupain nati'y ganito! Pagpasensyahan mo ako, munting ginang, kung sinabi ko 'yun, pero gusto ko lamang. . . nang sa gayon makita ng mga tao ang iniisip ko na tunay na itsura ng isang Cristiano; wala mismong manikyur, anumang tawag nila dun sa bagay na 'yun, talagang simpleng binibini.

¹³³ Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Sullivan.

¹³⁴ *The Great Physician*, kung mamarapatin mo.

The Great Physician now is near,
The sympathizing Jesus.

¹³⁵ Sinasampalatayanan mo ba Siya? Nananampalataya ka ba na Siya ang Dakilang Tagapagpagaling? Ngayon ay tumaimtim lamang po nang kaunting sandali. May kaunti pa tayong oras, pinaikli ko man ang mensahe. Umaasa pa rin ako na nakuha n'yo 'yun, ano't anuman, kung anong ibig ipahayag nun. Sige po't manampalataya lamang nang buong puso n'yo. Mangyari pong ang lahat ay mailagay sa pila, sige't isa riyan sa likod ang sige't iayos ang mga tao sa pila. Ayos na? Ano 'yun? Ngayon lahat ng mga may prayer card ay nakatayo na.

¹³⁶ Kayo po ba riyan ay nananampalataya, rin, kayo na mga walang prayer card? Kung kayo nga'y may pananampalataya, tatawagin *kayo* ng Diyos. Ngayon, lahat ng mga prayer card sa pila.

¹³⁷ Yang munting batang babae na nakaupo riyan sa likod, na may masamang binti, dito sa banda rito. . . Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Kung nananampalataya ka, sige't manghawakan ka lang sa pananampalataya mo't ito'y ikakaloob sa iyo ng Diyos.

¹³⁸ Iniisip mo na ang tatay mo na may sakit ay gagaling? Sige't manampalataya ka, matatanggap mo ito.

¹³⁹ Sige't ikaw rin diyan, na nananalangin para sa pamangkin mong lalaki na may sakit na nerbiyos? Sa tingin mo ba'y kaya siyang pagalingin ng Diyos? Sa ginang, na nakaupo riyan, kung iyo lamang itong masasampalatayanan, matatanggap mo ito.

140 Lahat po ba kayo'y mananampalataya na?

141 Ngayon nais kong . . . ilan sa mga kapatid ko ang narito, na mga mangangaral ng Ebanghelyo, Full-Gospel na mangangaral o anuman kayo, na naniniwala sa Makalangit na kagalingan? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Nais ko pong lumapit kayo rito at tulungan ako na ipanalangin ang mga taong ito, sige't kayo man din. Lumapit lang po rito at tumayo rito sa entablado kasama ko. Magagawa n'yo po ba, mga kapatid, sa inyo po na mga ministro? Sige't magpunta lamang dito at tumayo sa linya rito sa may entablado. Mainam po 'yan. Salamat, mga kapatid. Salamat. Sige't magpunta lamang dito, mga kapatid, sige lang.

142 Ano pong sabi mo? [May nagsasabi, "Puwede po ba tayong gumawa ng dalawahang pila rito?"—Pat.] Sige, puwede. Sige't gumawa lang ng dalawang pila rito, mainam 'yan. Ayos 'yan. Ngayon bumaling ka sa kabilang harap dito, kapatid. Bumaling ka sa kabilang harap dito, dito ko padadaanin ang mga tao sa gawi rito. Ngayon ang ilan sa inyo ay lumipat sa kabilang gilid ko rito, dito po, kung mamarapatin n'yo, tumayo sa palibot ng kabilang harap na ito. Sige po.

143 Ngayon, sa mga narito, nakikita n'yo po ba ang maiinam na mga kalalakihang ito? Heto sila na mga kalalakihang tatayo rito, at tatayo mismo sa siya ring Ebanghelyo na ipinapangaral ko. Kita n'yo? Sila'y naparito dahil sinasampalatayan nila Ito. Ngayon marapat lamang na malaki ang paghanga n'yo sa inyong pastor na tatayo siya rito sa harap sa may entabladong ito, na matapang, at puspusan ang pangangaral. Ito pong mga kalalakihang ito na may kapahayagan, na may pagkabatid sila na . . . haya't di po ako laban sa mismong tao, pero hayan nga't nakakawil tayo sa mga sistema na isinasadlak tayo sa . . . doon nga sa mga sitemang 'yun tayo laban; hindi sa tao, na lingkod ng Diyos.

144 Ngayon, kung tayo nga'y magkakaroon ng espirituwal na pagkilala sa bawat isa rito, gaano kayang katagal sa palagay n'yo ako mananatili rito? Ako nga'y babagsak sa pagkakatayo ko sa ilan pa lang . . . mga anim, lima o anim, sampu; papaano pa kaya, kung kalahati nito, sangkapat nitong pila, haya't ako nga'y manlulupaypay na't, ang iba pa'y di na maipapanalangin. Kaya di natin puwedeng gawin 'yan. At kung paanong . . . pero di n'yo nga kailangang dumaan sa ganoon. Alam n'yo naman mismo ang suliranin n'yo. Alam n'yo naman ang mga bagay na nagawa n'yo, kaya ngayon mismo'y ipagtapat n'yo na ang mga pagkakasala n'yo. Kung mayroon man sa inyo riyan na may kahit munting tuldok lang ng pag-aalinlangan sa inyong puso, alisin n'yo na 'yan agad-agad at hilingin sa Diyos na patawarin kayo. Kung kayo'y di wasto sa Diyos, humiling kayo sa Diyos na patawarin kayo. Kung di kayo hihingi ng kapatawaran, at kayo'y di wasto sa Diyos, wala nga 'yung maidudulot sa inyo na munti mang ikabubuti sa pagdulog n'yo rito. Sinasayang n'yo lang ang

oras n'yo. Totoo po 'yan. Ngayon, tama po ba 'yun, mga kapatid na lalaki? [Sinasabi ng mga kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Siyanga.

¹⁴⁵ Bumaling kayo rito. Heto ngang nakatayo rito si Kapatid na Kidd. Grabe 'yung kagustuhan ko noon na halos pudpurin ko na 'yung mga gulong ng kotse ko makapunta lang sa kanya, nang mga isang taon ang nakalilipas o dalawa, para . . . Siya'y mamamatay na sana noon sa kanser, nakatak dang mamatay na sana noon nung araw na 'yun. Dumudulog sa akin noon ang maybahay niya, "Dalian n'yo!" Sabi, "Mamamatay na siya." nung pagdating ko nga roon, pinagaling siya ng Diyos. At heto po siya ngayon na nakatayo pa rin dito. Sa tingin ko pa nga'y nadagdagan siya ng *higit* na timbang at lahat na. Isa po siyang beterano, noong araw, alam n'yo. Ito nga ang klase ng lalaki na isinasaysay ko sa inyo, mga taon ang nagdaan, na nangangaral; at nanatili mismo roon sa Salitang 'yun, at gayong libakin man siya ng mga tao. At siya at ang maybahay niya'y masipag na lumalakad sa mga riles ng tren at lahat na, at doon mismo sa ibabaw ng mga bundok, at sa mga minahan ng karbon, at minsan ay pinagtatabuyan, at binibilanggo, at lahat na. Ito nga ang uri ng lalaki na sadyang lumaban para mapagtagumpayan ang gantimpala, ang ganitong uri nga.

¹⁴⁶ Ngayon, mga kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, wala man kayo nung kaloob ng espirituwal na pagkilala. Di n'yo naman kailangan, kita n'yo, di 'yun—di 'yun ang mahalaga. Ang bagay nga na mahalaga, ay kayo'y lalaki ng Salita. Kayo nga'y mas mainam, mas magaling na mangangaral kumpara sa akin kung tutuusin, dahil di naman ako—di naman ako mangangaral na maituturing. Pero ako . . . haya't kayo'y—kayo'y pinahiran, sino man na tinawag para ipangaral itong Ebanghelyo ay tinawag para pagalingin ang mga maysakit; ang pangunahing utos ay: "Humayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Sino man na manampalataya't mabautismuhan ay maliligtas. Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit," at iba pa, "sila'y gagaling." Kung ika'y tinawag para maging ministro, tinawag ka para manalangin sa mga maysakit.

¹⁴⁷ At ang dahilan kung bakit ko ginagawa ito ay para itong mga narito . . . ay makita nila na di nila kailangang maghintay sa kung sinong espesyal na tao, na mga Oral Roberts, Tommy Hicks, Tommy Osborn, maging sarili ko, o sinuman na sasadya para magdaos ng gawaing pagpapagaling. Gusto kong makita ng mga tao na kayo'y mga lalaki ng Diyos. Kita n'yo? Kayo'y lalaki . . . Na may ganoon ding kapahintulutan na magpatong ng mga kamay sa kahit sino man sa kanila gaya—gaya ko o sino pa mang iba. Kung tutuusin, mga kapatid, batid n'yo, bilang—bilang mga ministro, na 'yung personal na panampalataya

nung mga tao sa Diyos ang siyang nagpapangyari nito. Tama po ba? Maghahandog lamang tayo ng pananalangin sa kanila.

148 Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ang Espiritu ba ng Banal na Espiritu'y nasa iyo?" Tunay. Oo, naman!

149 Ngayon sa inyo na mga nariyan sa upu- . . . sa pila po riyang, kung sumasampalataya kayo nang buong puso n'yo na kayo'y pagagalingin ng Diyos, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Tinatanggap ko ito."

150 Ngayon, lumapit ka rito, sige't paraanin n'yo itong—itong binibini rito para makalapit siya rito. Di kita kilala, di pa kita nakikita kahit kailan. Kung sasabihin sa akin ito ng Espiritu Santo, nang sa gayon ang mga kapatid na lalaki ko rito, sa harapan dito gaya nito, haya't nakatayo silang lahat dito sa palibot ko. At di lang, na ang mga kapatid ko'y narito, haya't ang Panginoon ko'y narito. Siya'y Panginoon din nila, siyanga. Ngayon, kung sasabihin Niya sa akin kung anong suliranin sa iyo, anuman 'yang problema sa iyo, ikaw ang nakakaalam kung totoo ba 'yun o hindi. Gusto kong sila, gusto ko ngang ang mga nakikinig dito, gusto kong ang mga tao na nariyan ay makita nila na narito mismo ang Espiritu Santo sa may entablado para magpakita ng espirituwal na pagkilala, pero di nun ibig sabihin na pinapagaling na ang tao. Pero kung may sasabihin Siya sa akin na isang bagay tungkol sa iyo, na alam mong wala akong nalalaman tungkol dun, kagaya nung babae sa may balon. . . . Di ko ibig sabihin na ganoon mismo ang kalagayan, pero ang ibig kong sabihin ay isang lalaki't isang babae na nagtagpo ngayon sa unang pagkakataon. Hayun noon si Jesus, na isang lalaking nasa edad-media na marahil, at hayun ang babaing ito na marahil kabataang babae, marahil kaedad mo.

151 At kung ipahihintulot Niya, na sasabihin sa akin kung ano ang iyong ipinunta rito, kung ano ang iyong suliranin, ikaw ba'y makasampalataya na wala na ngang iba't ang Kanyang Espiritu mismo ito na gumagawa nun? Kayo ba na mga kapatid na lalaki'y naniniwala riyang? Na ang siya ring Panginoong Jesus ay nakatayo rito? Sa inyo ba na mga narito'y naniniwala sa siya ring bagay na 'yan? Kayo ba na nariyan mismo sa pila para sa pananalangin ay makasampalataya sa siya ring bagay na 'yun, at may pagkabatid na ang mga kalalaking ito. . . ? Sila ba'y tatawagin ko rito kung iniisip ko na sila'y hindi. . . ? Matapos kong mangaral ng gaya nito, at isinaysay ang mga bagay na 'yun na aking nasabi, at pagkatapos tatawag ako ng mga lalaki rito sa itaas na mga hindi naman karapat-dapat? Hinding-hindi ko 'yun gagawin. Ginigiba ko n'yan ang siya mismo ng bagay na ipinaglalaban ko kung ganoon. Kita n'yo? May tiwala ako sa kanila. Naniniwala ako na sila'y mga kalalakihan ng Diyos.

152 Ngayon matyagan n'yo nga't ang Espiritu Santo'y nakatayo lamang sa malapit. Ako lamang ay mangungusap sa iyo nang

kaunti, sisikapin kong . . . Sasabihin mo, “Ano itong ginagawa mong ito, Kapatid na Branham?” Haya’t ang siya ring bagay na ginawa ni Jesus noon sa babae, nagsabi, “Dalhan mo Ako ng maiinom,” sinikap Niyang makipag-usap sa kanya ng kaunting minuto, tinutuklas kung ano ang suliranin nung babae.

¹⁵³ Ang suliranin mo ay pagkanerbiyos, ’yan ang iniinda mo. Kung tama ’yun, itaas mo ang kamay mo. Ngayon, mukha nga pong wala sa itsura niya ang ganoon, hindi ba, mga kapatid? Hindi nga, pero ’yun po ang suliranin sa kanya. Matagal-tagal na siyang ganito. Kumbaga sa isang di pa man nakatatawid ng tulay ay lagi nang naliligalig agad, at kung ano pa. Siyanga. Dahil ’yan ang katauhan mo, talagang ganoon ang pagkayari sa iyo, may pagkanerbiyos; laging iniisip-isip na may kung anong masamang bagay na mangyayari, na di naman talaga. Kung minsa’y sinasabi ng diyablo sa iyo, “Wala na Itong silbi, sige’t tumalikod ka na lang sa pananampalataya, lumampas ka na sa hangganan.” Hindi ko binabasa ang isip mo, pero binabasa ko kung ano . . . Sadyang alam ko ang sinasabi-sabi ng kaaway tungkol sa iyo, dahil nakikita ko kung anong nasa isip mo.

¹⁵⁴ Ngayon, maging si Jesus ay tinalos ang isipan nila noon. Tama ba? Buweno, ’yun po ang nangyayari ngayon. Tama ba? Heto, hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay, para malaman mo talaga. Sa totoo lang ay nakatayo ka rito para sa isa pang tao. Siyanga. Yun nga ’yun, kita mo, di mo nga ’yun basta mahahagip kung di ngayon. Ngayon, kung ihahayag sa akin ng Panginoon ang dahilan ng pagkakatayo mo rito, para sa isa pang tao, makasampalataya ka ba na ako’y propeta Niya? Ito nga’y para sa nanay mo. Sumasampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang suliranin sa kanya? Buweno, may sakit siya sa puso, mataas ang presyon ng dugo, may bato sa apdo, mga komplikasyon. Tama ’yun, hindi ba? Kita mo? Ngayon, ’yan mismo ang Espiritu Santo, hindi ba?

¹⁵⁵ Ngayon, ngayon may isang bagay na narito sa akin at sa mga kapatid na lalaki rito. Kita mo? May isang bagay na narito mismo ngayon, ang Espiritu Santo. Ngayon, sumampalataya ka lamang; kayo, habang lalakad kami sa pilang ito.

Lahat po tayo’y iyuko natin ang ating mga ulo habang tayo po’y mananalangin sa mga taong ito.

¹⁵⁶ Ngayon, Makalangit na Ama, kami po’y magpapatong ng mga kamay sa mga taong ito. At ako po’y nananalangin para sa kanila ngayon. Narito po ang Iyong mga maharlihang lingkod na nakatayo rito, at lahat kami’y magpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, dahil sinabi Mo mismo na gawin ito. Gagawin po namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa’y ang mga tao ay di masayang ang pagpunta nila rito, bagkus sa pag-alis nila rito ay mapagaling sila sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen!

157 Pagpalain ka ng Panginoon. Ngayon humakbang ka lang rito't lumapit.

Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pagalingin... Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pagalingin ang aking kapatid na lalaki. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pagalingin ang aking kapatid na babae.

158 Ngayon, sandali—sandali lamang! Kita n'yo! [Ipinanglakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang apat na beses—Pat.] Kapatid na lalaki't kapatid na babae, bakit nga kayo nagalak nung 'yung babae kanina, nung mangyari 'yung espirituwal na pagkilala, at nung isa-isa nang lumalagak dito ang iba ay di naman na nagpakita ng ganoon? Tuluy-tuloy na dumadaan dito ang mga tao, "Buweno, kung di ako... di ako pinakitaan ng espirituwal na pagkilala, buweno, ibig sabihin nun ay di ko ito natanggap." Wala po 'yung kinalaman dun, dahil narito pa rin naman Siya. Kita n'yo?

159 Kaya naman sa pagdaan n'yo rito, dumulog kayo na ang mga kamay ay nakataas, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. Tinatangap Kita bilang aking Tagapagpagaling, at ako po'y dadaan mismo rito. Isa sa mga kalalalahanan na narito ay magbabautismo sa akin, ako po'y lulusong mismo sa dako ng pagbabautismuhan at magpapabautismo, at aahon dun at may pagkabatid na ipinangako Mo na tatanggapin ko ang Espiritu Santo."

160 Kita n'yo, ito'y... Ang espirituwal na pagkilala ay narito pa rin. Narito pa rin ito, kung papaanong katulad dun... Heto, sino ba? Itong lalaki rito? Ako'y estranghero sa iyo. Ako nga ba, ginoo? Di kita kakilala. Mangyaring... kung sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa iyo, makasasampalataya ka ba na ako'y propeta Niya, lingkod Niya? Sasampalataya ka nang buo mong puso? Sige, po. Salamat, po. Napaka inam na espiritu 'yan, napaka inam na bagay. Ang totoo, nakatayo ka rito para sa isa pang tao. Siyanga. "Ang apo mo, na may polio, nahulog siya nung isang araw at nabalian ng binti," 'yan nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Tama po ba? Siyanga! Sige't humayo ka na't sumampalataya ngayon, at siya'y gagaling!

161 Ngayon, dumulog kayo na nananampalataya, sige po't ang bawat isa, dumulog lamang. [Ipinapanalangin ni Kapatid na Branham at ng mga ministro ang mga maysakit sa pila para sa pananalangin—Pat.]...?...

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
A fellowship of kindred mind
Is like to that above.

Here before our Father's throne,
 We pour our ardent prayer;
 Our fears, our hopes, our aims are one,
 Our comforts and our care.

¹⁶² Nakatayo tayo rito sa harap, ng mga anak ng Diyos na mga munti't, pilay, bulag, nabalian. Mga ministro ng Ebanghelyo, alam n'yo na wala tayong kapangyarihan na magpagaling. Pero ang Dakila nating Panginoong Jesus Cristo ay nagpapadala ng mga tandang ito, at kinokondena ang diyablo na sa inyo nga'y gumapos. Kinokondena natin ang diyablo...?... Kinokondena natin ang pagkabalag...?...

¹⁶³ Sa Pangalan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, hinihiling namin na ang Diyos ay magkaloob sa'min ng pananampalataya para sumampalataya na ang panalangin ng pananampalataya ay nagliligtas ng mga maysakit, at ibabangon sila ng Diyos, at sila'y magsisigaling. Iyo po mismong ipagkaloob ito, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁶⁴ Ngayon, mga kapatid na lalaki lumakad kayo roon...?...

¹⁶⁵ Lahat ng iba pa sa inyo'y tumuon sa pananalangin ngayon, habang tayo po'y...ang mga ministro'y nananalangin para sa kanila, rin, ngayon. Manalangin po tayo, magpatong ng mga kamay.

¹⁶⁶ Makalangit na Ama...

Sa inyo riyan na mga nakikinig na di nakadako sa pila para sa pananalangin, magpatong kayo ng mga kamay n'yo sa isa't isa ngayon. Magpatong kayo ng mga kamay n'yo sa isa't isa.

¹⁶⁷ Makalangit naming Ama, ipinamamanhik po namin sa Iyo ang mga taong narito ngayon habang isinasara na namin ang gawaing ito at ang malawakang panghihikayat na ito sa ilalim ng bandera ni Jesus Cristo, ang dakilang pinahirang Dakilang Saserdote ng Diyos, si Emmanuel, na nakatayo, nagbangon mula sa patay, walang hanggang nabubuhay upang mamagitan; ang dakila Niyang Presensya ay narito po sa amin ngayon, ang Kanyang banal na Kapangyarihan ay narito pong lumukob sa amin upang ibunsod kami na makakita ng mga pangitain, magpropesiya, magpatong ng mga kamay sa mga maysakit. Hindi babalik ang di-nabibigong Salita ng Diyos sa Kanya na walang bunga. Kinokondena ko ang bawat diyablo ng karamdaman, ang bawat kapangyarihan ng kasalanan, ang bawat kawalan ng pananampalataya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumisan nang madali nawa mula sa mga tao at ang mga tao'y mapagaling.

¹⁶⁸ Iyo pong pagpalain itong mga ministrong mga kapatid na ito, Panginoon, sa kanilang paglalakip-lakip na magkakasama sa isang puso't isang pagkakasundo, at maging ang lahat ng mga miyembro ng iglesya. Oh Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa malaking dakong ito ng Middletown, Ohio, Ikaw po'y

magpadala ng isang rebaybal pagkatapos nito, Panginoon, na hahagibis mula sa isang panig patungo sa kabilang panig, isang pagdudugtong-dugtong ng mga buto, Panginoon, at litid ng balat. At nawa'y ang kapangyarihan ng Diyos ay magbangon ng isang puspos ng kapangyarihang iglesya na nagkakaisa rito sa siyudad na ito na hahagibis, isang ehemplong iglesya, sa buong bansa, na ang mga tao'y paririto sa siyudad na ito para masaksihan ang kapangyarihan ng Diyos. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Pagalingin ang mga maysakit at nagdurusa, iligtas ang mga ligaw, at tanggapin ang kaluwalhatian sa Iyong Sarili.

¹⁶⁹ Iyo pong ipagkaloob ito, na ang lahat ng mga panyong ito at mumunting mga ipadadala na nakalapag dito . . . Dalangin ko, Panginoon, na ang Espiritu Santong nakalukob sa amin, at sa gusali pong ito ay pahiran kami, na ang bawat isa sa kanila ay mapagaling. Nasusulat sa Biblia na noong ang Israel ay nasa daan ng pagganap ng tungkulin, sa kanilang daan patungo sa lupang ipinangako, na ang Dagat na Pula'y sumagabal noon. At isa sa mga manunulat ang nagsabi, "Tumingin ang Diyos sa pamamagitan ng Haliging Apoy at nahintakutan ang Dagat na Pula't kaya umurong ito, at ang Israel ay tumawid patungo sa lupang pangako na ipinangako."

¹⁷⁰ At ngayon, naroon 'yun sa Biblia, naroon nasusulat, "Higit sa anupamang ibang bagay ay Aking pagiginhawain kayo sa kalusugan." At sa oras na makarating ang mga panyong ito sa mga tao, kung saan may Dagat na Pulang inihambalang si Satanas sa harapan nila, nawa'y tumingin ang Diyos paibaba sa pamamagitan ng Dugo ng Sarili Niyang Anak, na si Jesus Cristo, at kondenahin ang bawat karamdaman ng mga taong di makapunta rito; at nawa'y ang mga karamdaman ay lumayas at mahintakutan sa Salita ng Diyos at sa pangako ng Diyos at sa pahid ng Diyos, at nawa'y ang mga tao'y makatawid patungo sa mabuting pangako ng mabuting kalusugan at kalakasan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At itinatagubilin namin ang lahat-lahat sa Iyo, sa Pangalan ng Iyong maibiging Anak, ang aming Tagapagligtas na si Jesus Cristo. Amen.

¹⁷¹ Sa mga naritong nakikinig, haya't sa Kanya na sa ating lahat ay nakakakilala, sa Kanya na nagbangon sa atin upang maging Kanyang pamana sa mundong ito, sa Kanyang iglesya, nawa'y ang mga mayayamang pagpapala ng Diyos ay mapasa inyong lahat hanggang sa pagkikita natin uli. Ang kasunod po nating gawain, ipinapaalala lang, gaganapin po sa tabernakulo, Linggo ng umaga, umaga ng Linggo ng pagkabuhay. Tapos ako nga'y pupunta sa . . . pupunta po ako sa Illinois pagkatapos nun. Pagpalain kayo, dumalo kayo sa inyong mga iglesya, dumalo kayo sa mga iglesyang ito, paglakip-lakipin n'yo ang mga puso n'yo na magkakasama. Manatili sa Salita ng Diyos! Mabuhay

para sa Kanya, dahil may mga kakila-kilabot na mga bagay na kahaharapin pa kayo, alalahanin n'yo 'yan!

¹⁷² Hanggang sa pagkikita-kita natin muli, tumayo po tayo't umawit:

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁷³ Ngayon, nang may pagpipitagan, makipagkamay po sa mga nasa likod n'yo, harapan n'yo, at sa katabi n'yo.

I love Him (ang bawat isa, ngayon), I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁷⁴ Ngayon habang nakataas ang inyong mga kamay sa Diyos, sige't lakasan n'yo lang po, bawat isa'y ilakas n'yo lang ang pag-awit n'yo.


I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁷⁵ Iyuko na po natin ang ating ulo ngayon.

Till we meet, till we meet,
Till we meet at Jesus' feet;

Alalahanin n'yo, marami po sa atin ang maaaring di na magkita muli sa hinaharap.

Till we meet, till we meet,
God be with you till we meet again.

¹⁷⁶ Ngayon ihiging n'yo ito. [Nagsimulang humiging si Kapatid na Branham—Pat.] Heto na po ang inyong pastor. 

RELIHIYONG JEZEBEL TAG61-0319
(Jezebel Religion)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Marso 19, 1961 sa National Guard Armory sa Middletown, Ohio, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org